ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Edisyong Pilipino
Espesyal na Isyu
Disyembre 26, 2015
www.philippinerevolution.net

# Ibunsod ang rebolusyonaryong paglaban bilang tugon sa krisis sa daigdig at Pilipinas

**Mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa ika-47 anibersaryo ng muling pagtatatag nito**

Sa ika-47 anibersaryo ng muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo noong Disyembre 26, 1968, ipinagdiriwang nito, kasama ng sambayanang Pilipino, ang naipon at kasalukuyang mga tagumpay nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Higit kailanman, determinado itong pamunuan at isulong ang rebolusyong Pilipino alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Bilang abanteng destakamento ng proletaryo, pinamumunuan ng Partido ang kasalukuyang antas ng rebolusyon at ang susunod na antas ng rebolusyong sosyalista. Sa araw na ito, binibigyang-pugay at pinararangalan natin ang puu-puong libong kadre at kasapi ng Partido, ang libu-libong Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, ang puu-puong libong kasapi ng milisyang bayan, ang daan-daan libong kasapi ng mga yunit sa pananggol-sa-sarili, at ang milyun-milyong masang aktibista, na nagkamit ng mga tagumpay sa pamamagitan ng kanilang mahirap na pakikibaka, puspusang paggampan ng trabaho at mga sakripisyo. Binibigyan natin ng pinakamataas na parangal ang mga rebolusyonaryong martir at bayani sa paghalaw ng inspirasyon mula sa kanila at pagsusulong ng higit na pinaigting na pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.



Nilabanan at ginapi natin ang serye ng mga brutal na rehimen na ginamit ng US at ng mga lokal na reaksyunaryo para wasakin ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan. Kabilang sa mga rehimeng ito ang 14-taong pasistang diktadurang Marcos, at ang sunud-sunod na mga rehimeng nagpanggap na demokratiko pero sa katotohanan ay kumatawan sa gayunding mapang-api at mapagsamantalang mga uri.

Binigo natin ang rehimeng US-Aquino, ang pinakahuli sa mga reaksyunaryong rehimen ng malalaking kumprador at panginoong maylupa, sa layunin nitong gapiin o ipawalang-saysay ang Bagong Hukbong Bayan. Bigo ang Oplan Bayanihang dinisenyo ng US sa mga layunin nito sa kabila ng pagpakat ng 70% ng mga batalyong pangkombat laban sa mga rebolusyonaryong pwersa.

Sa halip na magdulot ng estratehikong pinsala sa BHB, ang pagtatalaga ng 24% ng mga pwersang pangkombat ng kaaway sa Eastern Mindanao ay nagresulta sa pag-igting at pag-abante ng digmang bayan sa lugar. Ang maniningning na halimbawa ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa Eastern Mindanao, at ang paglaganap ng mga taktikal na opensiba sa iba pang lugar, ay nagsilbi sa pagpapalakas at pagsulong ng digmang bayan sa buong bansa.

Ang mga kalaban at naninira sa rebolusyon ay walang katapusang nangungutya na hindi pa nagtatagumpay

ang digmang bayan sa pag-agaw ng palasyo ng presidente sa Maynila. Binabalewala nila ang katotohanang umusbong na at tuluy-tuloy na kumakalat ang gubyernong bayan ng mga manggagawa at magsasaka sa kanayunan. Ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay may baseng masa na umaabot sa milyun-milyon at tumatamasa ng suporta ng puu-puong milyon sa labas ng mga larangang gerilya. Pinamamahalaanan nila ang malalaking bahagi ng kanayuan at nagpapatupad ng mga programa sa pangmasang edukasyon, reporma sa lupa, produksyon, kalusugan, pag-aangat ng kultura, depensa-sa-sarili at katarungan.

Napakahusay ng mga kundisyon para sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino. Patuloy na lumalala ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Bigo ang mga kapitalistang kapangyarihan na iahon ang pandaigdigang ekonomya mula sa krisis at depresyon. Tuluy-tuloy nilang ipinapapasan ang bigat ng krisis sa mamamayan, at sa gayon, pinalalala ang krisis sa ekonomya at pinansya, at pinaiigting ang mga kontradiksyong inter-imperyalista na nagbubunga ng malalawak na kundisyon para sa terorismo ng estado at mga imperyalistang gerang agresyon. Isa ang Pilipinas sa iilang bayan kung saan panapanahong nililikha ang ilusyon ng kaunlaran sa ekonomya sa pamamagitan ng malakihang pagbuhos dito ng pamumuhunang *portfolio*. Ngunit kapag inilalabas ang naturang puhunan, biglang bumabagsak ang ekonomya ng bansa.

Ang krisis sa ekonomya, lipunan at pulitika sa Pilipinas ay matabang lupa para sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Pinapasan ng mamamayan ang bigat ng tumitinding pang-aapi at pagsasamantala. Sa gayon, itinutulak silang magprotesta at magbalikwas.

Ang krisis ay nagbibigay ng sapat na pampaningas sa rebolusyonaryong partido ng manggagawa para magpasiklab ng isang mayor na pagsulong sa rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan. Kailangang pamunuan ng PKP at lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa ang ubos-kayang pagsisikap para ilantad ang lumalalang kawalang-kakayahan ng naghaharing sistema na maghari sa lumang paraan, at para pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan na maglunsad ng mga pakikibakang masa at tahakin ang landas ng rebolusyon.

Sa pagtupad ng Partido sa rebolusyonaryong papel at tungkulin nito sa Pilipinas, ipinakikita nito sa mga proletaryo at mamamayan ng mundo na bukas ang landas ng rebolusyon laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon. Inilalatag ng todo-ganid na patakarang neoliberal sa ekonomya na itinutulak ng US, ng paulit-ulit at lumalalang krisis sa ekonomya, at ng papatinding paggamit ng terorismo ng estado at mga gerang agresyon, ang batayan para sa walang kapantay na paglawak ng rebolusyonaryong paglaban.


ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Disyembre 26, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas


## I. Lumalalim at lumalala ang matagalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista


SA ILALIM ng monopolyong kapitalismo, laluna sa ilalim ng todo-ganid na patakarang pang-ekonomya ng US, ang tulak na magkamal ng mas malaking tubo sa pamamagitan ng pagpiga sa sahod at paggamit ng mataas na teknolohiya ay di maiwasang humantong at nagpapalala sa krisis ng sobrang produksyon. Ang paggamit ng pampinansyang kapital, sa partikular ang pagpapalawak ng suplay ng salapi at pautang sa tangkang lutasin ang krisis, ay nagpapalaki ng tubo at ng halaga ng pag-aari ng monopolyong burgesya, nagsasalba sa mga bangko at malalaking korporasyon, artipisyal na nagtataas sa konsumo at nagtutulak sa produksyong militar nang nauuna sa muling pagbangon ng produksyong sibil at empleyo. Subalit lumilikha iyon ng mas malalaking bula sa pinansya na nagreresulta sa mas malalalang krisis na dagdag pa sa papalalang krisis sa ekonomya.

Ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay nasa bingit ng isang pangkalahatang krisis, na kinatatampukan ng umuulit-ulit at lumalalang krisis sa ekonomya at pinansya. Ang pagguhong pampinansya noong 2008 ay nagresulta sa pandaigdigang depresyon na maihahambing sa tagal at tindi ng Great Depression noong dekada 1930. Nagaganap ang mga bahagyang mga pagsigla subalit sinusundan naman ito ng mas matagalang pagbagsak ng GDP ng mga bayan at ng pangkalahatang produksyon sa mundo. Ang upisyal na datos sa

mga ito, gaya ng kasalukuyang tinatayang 2.8% na tantos ng pandaigdigang paglago ng ekonomya sa 2015, ay pinalolobo ng depisitong paggastos ng gubyerno, pampublikong pangungutang, mga transaksyon sa pamilihang pampinansya at mga pribadong paggastos na hindi nagtataas ng empleyo at kita.

Patuloy na bumabagsak o di umuusad ang produksyon at empleyo sa mga kapitalistang bayang industriyal at malala pa sa mga atrasadong bayan. Ang mga gubyerno sa mga industriyalisadong bayan ay nagsasagawa ng pagsalbang pampinansya sa kapakinabangan ng malalaking bangko, mga kumpanya sa pamumuhunan at mga pinapaburan na industriya sa depensa. Walang habas nilang pinalalaki ang suplay ng salapi at pautang. Sa harap ng mga depisito sa badyet, ipinatutupad nila ang mga patakarang pagtitipid, kabilang ang malalaking kaltas sa gastusing panlipunan, pagbawas sa mga kawani ng pamahalaan at malalaking bawas sa sahod ng mga manggagawa.

Ang kabuuang pandaigdigang utang (kabilang ang utang ng mga indibidwal, korporasyon at gubyerno) ay lumaki nang 62% sa walong taon, mula USD142 trilyon noong 2007 tungo sa tinatayang USD230 trilyon sa katapusan ng 2015. Imposible nang mabayaran ang gayong kalaking utang sa harap ng kabuuang pandaigdigang GDP na USD60 trilyon na lamang, bumabagal pa ang paglago. Nagpapakita na ng lamat ang US at China sa labis na bigat ng pampublikong utang, pero, sinusunod pa rin ng European Union (EU) ang parehong landas ng "*quantitative easing*" (o ang walang habas na pag-iimprenta ng salapi nang walang katumbas na bagong likhang halaga ng produkto). Ang pandaigdigang utang pampubliko, na kalakha'y sa ilang imperyalistang bayang matataas ang depisito, ay nakaambang maging pinakamalaking bula sa pinansya. Nakaambang sumambulat ito anumang oras at tiyak na lilikha ng walang kapantay na kapinsalaan.




Ang taunang tantos ng pandaigdigang paglago ng empleyo ay bumaba sa abereyds na 1.2% noong panahong 2007-2014, kumpara sa 1.7% noong naunang panahong 1991-2007. Patuloy na tumataas ang kawalan at kakulangan ng trabaho, kapwa sa kalunsuran at kanayunan, laluna sa Africa, Middle East, Southern Europe at Latin America. Mabababa ang pinalalabas na upisyal na tantos ng disempleyo sa mga bayan sa Asia, subalit ang mga ito'y dahil sa mataas na tantos ng impormal na empleyo o mga *odd-job* (di regular, kalakha'y manwal at mababang kita) na bumubuo ng 85% ng kabuuang empleyo sa ilang bansa. Karamihan sa malalaking syudad sa Third World ay may mababang antas ng industriyalisasyon at pinagsisiksikan ng milyun-milyong tao—mga namamasukan lamang na nagdurusa sa mala-aliping kundisyon sa ilalim ng mga di regular at panandaliang empleyo.

Lalong lumalaki ang pandaigdigang agwat sa distribusyon ng yaman. Wala pa sa 1% ng pandaigdigang populasyon ang pinakamayayamang malaking burgesya subalit pagmamay-ari nila ang halos 50% ng kabuuang yaman ng mundo. Siyamnapung porsyento sa kanila'y nakabase sa North America at Europe. Pinakikinabangan nila ang mababang tantos ng buwis at nakapagkakamal ng supertubo sa pamamagitan ng pandarambong sa ari-ariang pampubliko at sa likas na yaman at lakas-paggawa ng ibang bayan. Lumalaganap ang kahirapan maging sa mauunlad na bayan, sa pagbaba ng kita at benepisyong panlipunan ng uring manggagawa at sa pagliit ng panggitnang uri. Ang mamamayan sa mga atrasadong bayan ay dumaranas ng lalong malalang kundisyon ng kahirapan.

Ang US at iba pang imperyalistang kapangyarihan ay nagpapalakas ng produksyong panggera alinsunod sa kagustuhang tulak ng krisis ng mga monopolyong empresa sa industriya sa depensa gayundin para makamit ang layuning mapanatili at mapalawak ang teritoryong pang-ekonomya at interes *geopolitical*. Ang nagtatagal at lumalalang krisis ng monopolyong kapitalismo ay nagbubunsod ng sobinismo, rasismo, panatisismo sa relihiyon, pasismo, terorismo ng estado, gerang *proxy* (gera sa pagitan ng mga pwersa o bansang kumakatawan sa magkakaribal na imperyalistang kapangyarihan) at mga gerang agresyon. Ang US, mga estadong kaanib ng North Atlantic Treaty Organization (NATO) at ang Zionistang Israel ang pangunahing mananalakay at pinakaagresibo sa pang-uupat at paglulunsad ng mga aksyong militar para pahinain ang mga kalaban nila sa West Asia (Middle East), Central Asia, Africa at sa mga hangganan ng Russia.

Walang natatanaw na katapusan ang pangkalahatang krisis ng monopolyong kapitalismo at ang tunguhin sa mas malalaki pang gera, laluna't ayaw bitawan ng mga imperyalistang kapangyarihan ang mga patakarang neoliberal sa ekonomya. Lahat ng tangkang pahupain o bawasan ang mga larangan ng tunggalian sa ekonomya at militar, sa pamamagitan ng mga internasyunal na porum tulad ng mga pulong ng G7 at G20, mga proseso ng United Nations at Organization for Economic Cooperation and Development, mga kumperensyang itinakda ng tratado tulad ng World Trade Organization (WTO), Rio+20 at taunang pulong sa klima at iba pang mekanismong panrehiyon tulad ng Asia Pacific Economic Cooperation, ay pawang nabigo at nagresulta sa dagdag na walang-kalutasang mga tunggalian.

Ang unipolar na mundong pinaghaharian ng US matapos ang pagguho ng Soviet Union sa pagtatapos ng Cold War ay unti-unting ginigiba ng isang multipolar na kaayusan ng magkakatunggaling blokeyo sa kalakalan at ekonomya at mga katugon nitong alyansang pulitikal-militar. Pinahihina ng US ang sarili sa paglilipat ng manupakturang pangkonsumo sa ibang bansa, pagpapalaki ng gastusing militar at pinansyalisasyon ng ekonomya nito. Pero patuloy nitong minamaksimisa ang natitirang impluwensya sa IMF, World Bank at WTO. Sa bigong pagtatangkang panatilihin ang dominanteng katayuan nito sa pandaigdigang pinansya at kalakalan, agresibong itinutulak ng US na ipaloob sa Transatlantic Trade and Investment Partnership (TIIP) Agreement ang mga alyado nito sa EU at paggamit ng parehong paraan sa mga alyado nito sa Pasipiko sa pamamagitan ng Trans Pacific Partnership (TPP) Agreement. Ginagamit din nito ang mga lihim na pag-uusap, lihim na kasunduan, pagbabanta at panloloko upang maipasa ang TIIP at TPP, sa kabila ng tahasang nakasusuklam na pagpabor nito sa interes ng malalaking korporasyong US.




Matapos na ang kapitalismo ay ganap na yakapin ng mga naghaharing rebisyunistang pangkatin sa Soviet Union at China noong 1989-1991, walang magawa ang US at mga alyado nito kundi papasukin ang Russia at China sa sirkulo ng nangungunang pandaigdigang kapitalista. Habang nagsasabwatan ang mga kapitalistang kapangyarihan sa pagsasamantala at pang-aapi sa Third World, ang mga bagong pasok na kapitalista ay naggigiit ng kani-kanilang interes at sa gayo'y pinalubha ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ang mga kontradiksyong inter-imperyalista.

Habang inaangkupan ang sariling internal na krisis at nagpapatatag gamit ang malaking kita sa langis sa isang panahon, nagawa ng Russia sa ilalim ni Putin na pangalagaan at palawakin ang sariling interes na pang-ekonomya at *geopolitical* sa loob ng Commonwealth of Independent States at sa iba pang katabing bansa sa hangganan ng EU. Sa nagdaang ilang taon, hinarap nito at napigilang lumaganap ang subersyon ng US sa kanlurang Ukraine at pagpwesto nito ng isang pasistang maka-US na papet na rehimen sa Kiev. Ang agresibong gerang inilunsad ng papet na rehimen sa Kiev laban sa mga etnikong Russian na republikang bayan sa Novorassiya at Crimea ay nagbunga sa pagboto ng mga ito na muling sumanib sa Russia.

Nagpapatuloy ang US sa panghahamon sa Russia, gaya ng pagtatangkang pabagsakin ito, kasama ng iba pang estadong dating Sobyet, pagpapalawak ng NATO sa mga hangganan niyon, paninira sa ugnayan nito sa mga estadong EU, pagpapataw ng mga parusa at pagsuspinde/pagtatanggal nito sa G-8. Sa kabilang panig, kinonsolida ng Russia ang kanlurang bahagi nito sa pagtatayo ng Eurasian Economic Union (EEU) kasama ang apat na dating republikang Sobyet. Pinalawak rin nito ang impluwensya sa kanyang kanluran sa pamamagitan ng pagpapalaki ng diplomatikong papel nito sa Central Asia at Middle East, partikular na sa Syria at Iran, at sa pag-alok ng kooperasyon sa mga bayan sa EU na pinakatinamaan ng krisis. Higit na mahalaga, pinalakas nito ang bilateral na relasyong pang-ekonomya at panseguridad sa China.

Inaangkupan ng China ang sobrang pag-init ng ekonomya dulot ng labis na konstruksyong pampubliko at pribado, ang sobrang produksyon ng bakal at iba pang produktong industriyal, ang walang-kontrol na pagpapalawak ng suplay ng pera at pautang (ilang ulit na mas malala kaysa US) at iba pang internal na problemang panlipunan at pangkalikasan. Bunga ng mga problemang ito, malayo ang China sa US sa usapin ng *per capita* (o bahagi ng bawat isa) na GDP. Anupaman, patuloy ang China sa pagluluwas ng sobrang kapital at pagpapalawak ng operasyon nito sa ibayong-dagat sa Asia, Africa at Latin America, at naglunsad na ng ambisyosong dalawang-sangang estratehikong pagdugtong sa Europe sa pamamagitan ng Silk Road Economic Belt (SREB) at Maritime Silk Road (MSR).

Ang US ay may dalawahang patakaran ng pakikipagsabawatan at pakikitunggali sa China. Subalit sa nagdaang mga taon, pinalaki nito ang aspeto ng pakikitunggali sa tinatawag nitong estratehikong pagpihit sa East Asia at sa pinangungunahan nitong TPP na nagpupwera sa China. Layunin ng estratehikong pagpihit ng US sa East Asia na harangin ang pagpapakitang-lakas ng armadong pwersa ng China lagpas sa hangganan nito at itulak ang mga internal na pwersa nito tungo sa ibayong pagpapalawak ng pribadong kapital at burges na pulitika. Sinasamantala ng US ang tunggalian ng China sa mga kalapit na bayan sa pag-aangkin sa South China Sea, pati na sa Japan sa mga isla ng Daoyu sa East Sea. Minaniobra nito ang Pilipinas para pahintulutan ang muling pagtatatayo ng mga base militar ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at hayagang ineengganyo ang Japan na muling buhayin ang militaristang postura bilang pangkontra sa China.

Liban sa mga kasunduang bilateral, ginagamit ng Russia at China ang iba't ibang tuntungan para palakasin ang alyansa laban sa di nito tanggap na pandidiin at panghahamon ng US at pinakamalalapit nitong alyado. Sa larangan ng ekonomya, nagkonsolida ang blokeng BRICS (Brazil, Russia, India, China


at South Africa) bilang isang alyansang pandaigdig na na may sapat na ang rekurso para kontrahin ang alyansang US-Canada-EU-Japan. May sariling New Development Bank (NDB) ang BRICS, dagdag sa Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) ng China, na sapat ang rekurso para kontrahin ang IMF-World Bank at pondohan ang malalaking proyekto tulad ng SREB at MSR.

Nagpalawak ang Shanghai Cooperation Organization (SCO), na pinangunahan ng China at Russia, para isama ang walong kasaping estado sa Eurasia at ang India at Pakistan. Dagdag ito sa EEU ng Russia. Sa usaping *geopolitical* at militar, ang kombinasyong SCO-EEU ay may potensyal na kontrahin ang alyansang US-NATO sa kanlurang panig at ang US at mga alyado sa Asia sa silangang panig.

Kasunod ng krisis sa Ukraine noong 2014, sumiklab ngayong taon ang matagal nang nag-iinit na mga lugar sa Middle East at Africa. Ang sinasakop na teritoryong Palestino ay muling sumiklab at maaaring humantong sa ikatlong *intifada* laban sa Zionistang Israel. Ang nagpapatuloy na kaguluhang sibil sa Syria, Iraq, Yemen, Libya, Afghanistan, Kurdistan, Sudan at Nigeria ay lalong naging kumplikado dahil sa mga panghihimasok ng US. Ang pinakamalulupit na barbarismo ay kagagawan ng mga teroristang grupo tulad ng ISIS (tinatawag ding IS, Islamic State o Daesh) na nilikha, sinanay at inarmasan ng US na ngayo'y pinopondahan at inaalagaan ng mga estadong alaga ng US tulad ng Saudi Arabia, Turkey, Israel, Jordan at Qatar.

Ang mga imperyalistang gerang agresyon at mga armadong tunggaliang lokal at panrehiyon ay nagpatindi ng kontradiksyon sa pagitan ng mga blokeng imperyalista at kanilang mga panrehiyong kinatawan at alyado. Nagresulta ito sa di mabatang sakunang pang-ekonomya at panlipunan na humantong sa milyong mga *refugee* sa loob ng mga bayan at rehiyon at ngayo'y maramihang rumaragasa tungo sa Europe. Ang suportang militar ng Russia sa Syria laban sa ISIS, ang pagpapabagsak ng Turkey sa isang eroplanong pandigma ng Russia, ang mga teroristang atake sa Paris at ang panghihiganting pambobomba ng France-UK sa Syria, ay nagpasiklab ng magkakarugtong na mga pangyayaring delikadong humantong sa gerang kasasangkutan ng mga imperyalistang bomba at tropa.

Ginagamit na batayan ang mga upisyal na GDP para palabasin na ang ilang rehiyon tulad ng East Asia at Africa ay may matataas na tantos ng paglago at may "lumalaking panggitnang uri". Subalit ang gayong paglago ay pinaaandar ng kapital mula sa mga imperyalistang bayan, kalakha'y *hot money* (o labas-masok na kapital) ng mga *hedge fund* (o malalaking ispekulador sa pinansya) na hindi nagtatayo ng mga pabrikang industriyal o nagtutulak ng matagalang empleyo. Sa halip, ang pondong ito ay napupunta sa mga pamilihang pampinansya at di sustenableng mga aktibidad sa ekonomya tulad ng konstruksyon, *real estate*, turismo at mga serbisyong nakabatay sa telekomunikasyon, habang ang kinikita ng gubyerno sa buwis ay hinihigop ng gastusing militar, burukratikong operasyon at katiwalian. Lahat ng ito'y nagpapalala sa problema ng utang at nagpapalalim at nagpapalala sa pagka-atrasado ng Third World.



Nagagawa ng mga imperyalistang bayan na ilipat ang bigat ng krisis sa mga atrasadong bayan sa Asia, Africa at Latin America dahil ang kanilang hikahos na kundisyong agraryo at malapyudal ay napagkukunan ng mga monopolyo kapitalista ng murang lakas-paggawa at mga hilaw na materyales, at nagpapababa sa gastos sa operasyon. Pinananatili ang gayong mga kundisyon ng mga patakarang neoliberal na itinutulak ng mga papet na burukratang sibil at ng malalaking burgesyang kumokontrol sa lokal na pinansya. Dahil dito, buo-buong bayan ang naitutulak sa malawakang kaguluhang panlipunan at pampulitika kung saan nagdurusa ang masang manggagawa, magsasaka at iba pang anakpawis sa matinding pagsasamantala at pang-aapi.

Isang paboritong tema ng imperyalistang propaganda ay ang diumano'y mabilis na lumalaking "pandaigdigang panggitnang uri", na may pinakamabilis na paglago sa Asia, kakombinasyon ng diumano'y 50% pagbawas sa pandaigdigang tantos ng kahirapan kumpara sa nagdaang 20 taon. Subalit panlilinlang lang ito sa estadistika, dahil sa buong mundo, ang mga kategorya ng tinaguriang mahirap, mababangkita at panggitnang uri ay isinagad na sa minimum. Ang panggitnang uri sa mga atrasadong bayan ay nasa halos parehong antas ng kategoryang naghihirap sa US. Hindi kayang tabunan ng imperyalistang propaganda, kahit binalutan pa ng matatamis na pangako ng UN na mababawasan pa ang ng pandaigdigang kahirapan pagkaraan ng 2015, ang lumalawak at lumalalim na mga kundisyon ng sukdulan at sistemikong kahirapan, at lumalalang pagsasamantala at pang-aapi sa mayorya ng masang anakpawis na mga manggagawa at magsasaka sa buong mundo. Maging sa mga imperyalistang bayan at sa tinaguriang umuusbong o panggitnangkitang mga ekonomya, ang krisis at matagalang depresyon ay labis na naglubog sa kalagayan sa paggawa at pamumuhay ng uring manggagawa at petiburgesya. Ang patakarang

neoliberal ng todong pagsasamantala sa ngalan ng "malayang kalakalan" ay idinadagdag ng mga imperyalistang kapangyarihan sa pangunguna ng US, ng EU at Japan at kanilang mga tuta sa mga atrasadong bayan sa neokolonyal na pundasyon ng pagsasamantala.

Ang US pa rin ang hepe ng mga imperyalistang kapangyarihan. Mula katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang US ang responsable sa pagpatay sa di bababa sa 35 milyong mamamayan sa mga gerang agresyon at masaker, at sa pagpapalayas sa milyun-milyon dahil sa maramihang pagpatay at pagwasak ng mga imprastrukturang pampubliko pangunahin sa pamamagitan ng mga pambobomba. Sa nagdaang mga dekada, anupaman ang partidong nasa poder, ang US ay ginagabayan ng neokonserbatibong linyang *full spectrum* o buong saklaw na hegemonyang pandaigdig sa ika-21 siglo. Itinulak ng linyang ito ang pagbubuo ng mga pasistang batas, terorismo ng estado at mga gerang agresyon na may iba't ibang pagdadahilan tulad ng pagsusulong ng walang taning at walang hangganang "gera sa terorismo", pagpapalit-rehimen, makataong panghihimasok, at maging ang "gera laban sa droga". Binibigyang-matwid ng US ang agresibong patakaran nito sa pagsabing iyon ay para tiyakin ang kalayaan at yaman ng kanyang mamamayan. Ang totoo, isang mayor na dahilan ng krisis sa ekonomya at pinansya na pinagdurusahan ng mamamayang Amerikano ay ang malaking gastos sa produksyong panggera, pagmantine ng 800 base militar sa ibayong dagat at mga gerang agresyon.

Nitong nakaraan lamang, walang patumangga ang US at mga alyado nito sa NATO sa pagtarget at pagwasak sa mga estadong soberano, naglulunsad ng mga gerang agresyon laban sa mga bayang naggigiit ng pambansang kalayaan, tulad ng dating Yugoslavia, Iraq, Afghanistan at Libya at nagpapabagsak ng mga gubyernong anti-US tulad sa Ukraine, Yemen at Venezuela. Patuloy silang nang-uupat ng gera sa Eastern Europe laban sa Russia. Naglunsad sila ng mga gerang agresyon laban sa mga estadong may kontrol sa estratehikong pinagkukunan ng enerhiya, hilaw na materyales at mga ruta. Gumagamit sila ng mga pagparusa, pagblokeyo at pagbanta ng gera at probokasyon laban sa napakaraming bayan, kabilang ang Cuba, Venezuela, Syria, Iran at Democratic People's Republic of Korea. Ginamit nila ang Zionistang Israel, ang Saudi Arabia, Turkey at ang maka-Kanan na armadong oposisyon at grupong jihadi tulad ng ISIS at mga kaanib ng Al Qaida bilang mga pwersang panalakay. Kinapopootan nila ang mamamayang Palestine at iba pang mamamayan sa Middle East, Africa, at Central at South Asia. Aktibong itinutulak ng US ang Japan, Australia at South Korea para sumama sa kanya sa pang-uupat ng gera sa East Asia.

Ang mga imperyalistang kapangyarihang pinangungunahan ng US ay hibang na hibang na sa militarismo at gera kaya ang gayunding kaisipan at makinarya ang walang-habas na ginagamit laban sa sariling mamamayan sa kanilang bayan, laluna sa harap ng lumalakas na paglaban ng mamamayan. Gumamit na sila ng mas reaksyunaryo at malupit na mga patakaran at hakbangin, kabilang ang tahasang mga pasistang batas, buong-saklaw na surbeylans, at napakamilitarisadong aksyong pulis laban sa ordinaryong mamamayan sa ngalan ng paglaban sa terorismo, karaniwang krimen, paggamit ng droga at iba pang maliliit na paglabag.

Ang di mabilang na mga krimen laban sa sangkatauhan na gawa ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan ay pinagtatakpan ng malaking burges na midya na pumapaypay sa sobinismo, rasismo, panatisismo sa relihiyon, Islamophobia, pagturturong terorista at isterya ng digma sa loob ng mga imperyalistang bayan. Ang layunin ay ilihis ang atensyon ng mamamayan mula sa mga kapitalistang ugat ng panlipunang krisis, sugpuin ang disgustong panlipunan at paglaban ng masa at palabuin ang pangangailangan para sa rebolusyonaryong makauring pakikibaka. Para makakuha ng boto, ang mga pasista, neo-Nazi at ultra-Kanan na mga partidong pulitikal ay nagsasagawa ng mga kampanya ng pangmumuhi sa midya at hinahayaang kumalat ang mga krimen ng pagkamuhi sa mga *refugee,* mga naghahangad ng asaylum, mga migranteng manggagawa at maging laban sa mga pangalawang-henerasyong imigrante laluna ang mga may kulay, kung saan partikular na binibiktima ang mga babae at kabataan.

Ang mga gerang agresyon at terorismo ng mga makapangyarihan na inilulunsad ng US at pinakamasasahol nitong alyado at mga papet ay nagdudulot ng labis na pagdurusa sa mamamayan—pinapatay at pinipinsala ang daan-daang libo at winawasak ang kanilang mga tahanan, kabuhayan at imprastrukturang pampubliko sa walang habas na pambobomba. Kaya, naitutulak ang mamamayan na maglunsad ng armadong paglaban. Nagpapatuloy ito kahit mistulang nagtagumpay na ang US at mga alyado nito sa kanilang pagsalakay at pagsakop sa isang bayan. Katunayan, napupwersa silang iatras ang kanilang mga mapanakop na pwersa dahil sa mabigat na pinsalang dulot ng paglaban ng mamamayan.

Nagawa ng US at mga alyado nito na pabagsakin ang rehimeng Saddam sa Baghdad, Iraq, subalit ang mga upisyal at tauhang Sunni sa ilalim ng mga nasyunalistang lider Baath ay muling nakapagtipon para labanan ang dayuhang agresyon at ang papet na gubyernong Shia. Napabagsak rin nila ang gubyernong Taliban sa Kabul, Afghanistan, subalit nagpatuloy ang armadong paglaban hindi lamang mula sa mga armadong pwersang Taliban kundi maging sa iba pang lumitaw na armadong organisasyon. Matapos pabagsakin ang rehimeng Qad-

dafi sa pamamagitan ng pambobomba at pag-aarmas sa iba't ibang grupong milisyang ngayo'y naglalabanan, may panibago na naman silang dahilan para sa ibayong panghihimasok para tuluy-tuloy na wasakin ang Libya.

Ang mga bansang winasak ng mga gerang agresyon ng mga imperyalista at gerang proxy sa Middle East at Africa ngayo'y pinag-uusbungan at pinagyayabungan ng mga organisasyong jihadista, tulad ng mga kaanib ng Al Qaida at ng ISIS. Sa kabila ng propaganda nila laban sa Al Qaida matapos ang 9-11, ang US ang nag-armas at gumamit sa Al Nushra, isang kaanib ng Al Qaida, para manggera laban sa rehimeng Assad ng Syria. Nilikha rin nito, sinanay at sinuplayan ang ISIS para parusahan ang sarili nitong papet na gubyerno sa Baghdad dahil naging masyadong malapit ito sa Iran at para manggera laban sa rehimeng Assad ng Syria at buksan ang daan para sa panghihimasok doon ng US at ng NATO.

Ang kawalan ng isang rebolusyonaryo at epektibong Partido Komunista sa mga bayang inatake ng US at mga alyado nito ay nagbigay sa mga jihadista ng pagkakataong agawin ang armadong inisyatibang pampulitika matapos mapabagsak ang sekular na mga gubyernong nasyunalista. Bago nito, sa mga bayang tulad ng Iraq at Syria, napanatili ng mga Baathista ang kanilang mga rehimen laban sa mga banta ng US at Zionistang Israel dahil sa suporta mula sa Soviet at iba pang rebisyunistang-tipong partido komunista. Ang kawalan ng tunay na rebolusyonaryong partido komunista sa Tunisia at Egypt ay nagbigay-daan sa mga Islamikong partido na kunin ang kapangyarihan noong panahon ng tinaguriang Arab spring hanggang agawin ito ng burgesyang militar na sinanay ng US.

Saanman naglulunsad ng gerang agresyon ang US at mga alyado nito, dapat manguna ang mga Partido Komunista sa rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan para sa pambansang paglaya. Paborable ang kundisyon para umusbong ang tunay na rebolusyonaryong mga partido komunista at pasimulan ang mga rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa ibang mga rehiyon ng mundo. Sa paglulunsad ng mga gerang agresyon at gerang proxy sa Middle East at Africa, binabagbag ng US ang sarili nito sa malalaking gastusing militar, at sobrang pagbanat sa iba't ibang direksyon. Kaya, nawawalan ito ng pokus sa mga bansa na may mga rebolusyonaryong Partido Komunista na nagsusulong ng mga armadong pakikibaka.

Ang pinakakapuri-puri sa mga armadong rebolusyonaryong kilusan ay yaong nagsusulong ng digmang bayan at nagkakamit ng mga tagumpay sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at/o ng anti-imperyalistang programa para sa pambansa at panlipunang paglaya. Ang mga armadong rebolusyonaryong kilusan ay nasa Pilipinas, India, Palestine, Colombia, Peru, Turkey, Kurdistan at iba pang lugar. Ang mamamayang Kurdish at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang pinakatuwirang nakinabang sa kasalukuyang armadong tunggalian sa Middle East. Nilalabanan nila ang mga atake ng ISIS at Turkey sa Syria at North Kurdistan at nag-aarmas sa proseso ng pagtatayo ng mga organo ng demokratikong kapangyarihan.

Ang pagsasamantala at pang-aapi sa proletaryado at mamamayan sa buong mundo, na lalong pinatalim ng krisis sa ekonomya at lipunan, ay nagtutulak sa kanila na lumaban sa iba't ibang magagamit nilang paraan at anyo—mula sa mga ispontanyo at lokalisadong protesta at pag-aaklas, hanggang sa pambansang koordinadong pag-aaklas at kampanyang masa, at hanggang sa paglikha ng malapad at sustenidong kilusan ng mamamayan para sa pambansa at panlipunang paglaya ng mga atrasadong bayang pinaghaharian ng imperyalismo; at para sa sosyalismo sa mga bayang imperyalista.



Sa kabuuan ng mga atrasadong bayan, ang mga manggagawa sa kalunsuran, mga distrito sa pagmimina at mga *special economic zone* ay nagpupunyagi sa mahirap na gawain ng pagbubuo ng mga unyon at paglulunsad ng mga pakikibakang unyon. Sumisigaw ang masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa at pinakikilos sila para dito. Ang mga kabataang estudyante ay maramihang napupukaw sa radikalismo, at ang mga protesta nila sa kampus ay bumabaha sa mga kalsada at komunidad, kung saan kumakawing sila sa mga manggagawa, malaproletaryado at iba pang sektor. Ang pinakaabanteng mga manggagawa at estudyante ay natututong kumawing sa mga magsasaka at katutubong mamamayan sa kanayunan.

Sa mga abanteng kapitalistang bayan, kabilang ang US, EU, Japan, China at Russia, may markadong paglakas ng mga kilusang paglaban ng mamamayan. Sa mga manggagawa, kabataan, kababaihan, minorya, migrante at mga manggagawang pangkultura at intelektwal, may lumalaking interes at kahilingan para sa anti-kapitalista o Marxistang kritika ng kapitalismo at ng muling pagpapatibay ng paninindigan para sa sosyalismo. Sa ilang bansa, tulad ng Greece, Spain at Portugal, lumalakas ang mga kilusang masa na may malinaw na oryentasyong anti-kapitalista. Sa

kabila ng kumplikadong ikot at ikid, ang mga progresibong partido at koalisyong parlamentaryo ay natututo kapwa sa mga positibo at negatibong aral.

Ang bilis ng paglala ng pangkalahatang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay nagbubunsod ng mga kundisyong paborable para sa pag-usbong ng mga tunay na rebolusyonaryong partido ng proletaryado at mga rebolusyonaryong kilusang masa. Hangga't nananatili ang monopolyong kapitalismo at reaksyon, walang nakikitang katapusan sa pangkasaysayang pakikibaka ng proletaryado at mamamayan laban sa malaking burgesya. Talagang nasa panahon pa tayo ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. Sa paglala at paglalim ng krisis ng imperyalismo, ang mga anti-imperyalista at sosyalistang kilusan ay muling dadaluyong nang may ibayong kapasyahan at sigla.

## II. Ang lumalalang krisis ng naghaharing sistema at ang paglakas ng rebolusyonaryong paglaban


SA ISANG panahon, mula 2010 hanggang 2013, nagmistulang ligtas ang naghaharing sistema ng Pilipinas sa krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, kung simpleng pagbabatayan ang tumataaas na *gross domestic product* (GDP) o kabuuang lokal na produksyon. Lumalaki ito noon na mas mabilis pa sa tantos ng paglaki ng ekonomya ng daigdig at ipinangangalandakang pinakamataas sa buong Asia noong 2013. Itinago ang nilalaman ng lumalaking GDP. Ang galaw ng salapi na sinasalamin ng 7.2% GDP ay binubuo ng mga puhunang *portfolio* (*hot money* o ispekulatibong kapital) na napupunta pangunahin sa mga pamilihan sa pinansya (sapi, bono at pamilihan ng salapi) na umaabot ng 65%, na nagpaliit hanggang 6% ng bahagi ng remitans ng mga migranteng manggagawa sa ibayong dagat at kita mula sa mga operasyon ng mga *call center.* Ang nalalabing kabuuang galaw ng salapi ay binubuo pangunahin ng gastos ng pamahalaan mula sa operasyon ng burukrasya, bayad-utang at iba pang kontra-produktibong gamit.

Sadyang binigyan ng US ang rehimeng Aquino ng natatanging pribilehiyong makatanggap ang Pilipinas ng malaking buhos ng salapi mula sa mamumuhunan sa pinansya. Ang naging layunin ay lumikha ng ilusyon ng paglaki ng ekonomya, tustusan ang bugso ng pribadong konstruksyon, at magpalitaw ng kita ng pamahalaan para itulak ang mga operasyong militar at maglaan ng malaking pondo para sa *conditional cash transfer* at programang Pamana upang magtagumpay ang dinisenyo ng US na Oplan Bayanihan. Nagsilbi rin ang dagdag na gastos ng pamahalaan, remitans ng manggagawang kontraktwal mula sa ibayong dagat at kita ng mga *call center* para panatilihin ang paggagasta ng maliit na bahagi ng populasyon sa mga mamahaling produkto.

Naging malaking kabiguan ang Oplan Bayanihan dahil sa pagiging kontra-mamamayan nito, sa kainutilan at katiwalian ng burukrasyang sibil at militar ng rehimen at dahil sa superyoridad ng estratehiya ng Partido sa matagalang digmang bayan at sa mga taktika ng masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya na nakabatay sa patuloy na papalawak at papalalim na baseng masa. Kasabay nito, muling sumidhi ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo relatibo sa Pilipinas. Nagsimulang humupa ang daloy ng *hot money* noong 2014 nang inanunsyo ng US na babawasan nito ang *quantitative easing* at na posibleng itataas ang interes at dahil sa lalong malubhang suliranin ng China ng walang habas na paggastos at pautang para sa konstruksyong pampubliko at pribado.

Bumagsak ang ipinagmamalaking tantos ng paglaki ng ekonomya ng Pilipinas mula 7.2% tungo sa 6.1% noong 2014 at inaasahang lalo pang bababa sa 5.8% ngayong 2015. Sinisisi ng World Bank ang mabagal na paggastos ng gubyerno, negatibong netong eksport at ang panimulang epekto ng El Niño. Ang totoo, ang mga patakarang neoliberal sa ekonomya ang nagpahina at nagpaliit ng dami ng produkto sa agrikultura at manupaktura. Ipinakikita ng datos ng gubyerno ng Pilipinas na may pagtumal patungong 5.9% ang manupaktura sa unang kuwarto ng 2015 kumpara sa 7% sa unang kuwarto ng 2014. Patuloy na dumadausdos ang agrikultura. Ang bahagi nito sa ekonomya ay 10%. Ang bahagi ng manupaktura ay 23.2%, na kasingbaba noong dekada 1950.

Laluna sa ilalim ng dikta-ng-US na patakarang neoliberal sa ekonomya, tinanggihan ng sunud-sunod na mga papet na rehimen ang pambansang industriyalisasyon na kaakibat ang tunay na reporma sa lupa bilang batayang patakaran sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng lokal na pamilihan. Tahasan ang rehimeng US-Aquino sa pagtanggi sa pambansang industriyalisasyon. Pinapaboran nito ang mga korporasyong dayuhan at mga operasyon ng malalaking kumprador. Itinataguyod nito ang mga iskemang nakasalalay sa tinaguriang *global va-*



*lue chains* (distribusyon ng produksyon sa iba't ibang bansa) at sa integrasyong ASEAN sa ilalim ng kontrol ng mga korporasyong transnasyunal (TNC). Ang malalaking kumprador-panginoong maylupa kasabwat ng dayuhang puhunan ay ginagawa ang lahat upang itulak ang "economic charter change" para lubusang tanggalin ang mga restriksyon sa konstitusyon sa dayuhang pagmamay-ari ng lupa at pagpasok sa lahat ng tipo ng maliliit, midyum at malalaking negosyo. Pahihintulutan nito ang malalaking dayuhang kapitalista na higit pang pagsamantalahan ang likas na yaman at rekursong-tao ng bayan.


Ang mga dayuhang bangko at korporasyon at ang malalaking empresang kumprador ang may pinakamalaking pakinabang sa ilalim ng rehimeng US-Aquino. Nasa pagbabangko, seguro, *real-estate development*, imprastruktura, mga *shopping mall*, mala-manupaktura, minahan, trosohan, plantasyon at mga katulad nito ang kanilang mga interes. Pinapaburan ng public-private partnership ang mga kumpanya ng malalaking kumprador at dayuhang suplayer sa imprastruktura at proyekto sa enerhiya. Bilang resulta, ang yaman ng sampung pinakamayayamang Pilipino ay ilang ulit na lumaki mula Php650 bilyon noong 2010 tungong Php2.2 trilyon noong 2015. Madalas na nalalantad ang mataas-na-antas na katiwalian ng naghaharing pangkating Aquino at mga paborito nitong negosyo, na minsa'y daang-milyon o maging bilyong piso.

Lumalala ang di-pagkakapantay-pantay sa lipunan sa harap ng lumalaking disempleyo, bumababang tunay na kita ng anakpawis at maging ng panggitnang saray sa lipunan, pumapaimbulog na presyo ng batayang mga kalakal, serbisyo sosyal at singil sa pampublikong utilidad (laluna sa transportasyon, kuryente at tubig).

Ang matarik na pagbagsak ng produksyon ng mga *semiconductor* at iba pang mala-manupaktura na resulta ng pagkitid ng pandaigdigang pamilihan sapul noong 2008 ay lalong nagpalaki sa tantos ng disempleyo at lalong nagpababa sa antas ng sahod. Sa ngayon, mahigit sampung milyong Pilipinong manggagawang kontraktwal na ang nangibang-bayan at nakikipagsapalaran sa di-pamilyar na mga bayan at kultura sa ilalim ng malupit na kalagayan sa paggawa at pamumuhay, mababang pasahod at pagpapabaya ng pamahalaan sa Pilipinas.

Ipinatutupad ngayon ang dalawang andanang sistema ng pasahod sa ilalim ng RA 6727 kung saan ang unang andana o ang "floor wage" ay pumapalit sa minimum na sahod at ang ikalawang andana o ang "productivity wage" ay itinatakda ng indibidwal na mga empresa. Patuloy na pinananatili ng maiiksing kontrata at pleksibleng kaayusan sa paggawa ang mga manggagawa bilang mga kaswal at partaym. Umaabot ang kontraktwalisasyon sa 90% ng lakas-paggawa sa maraming pabrika, serbisyo at komersyal na mga empresa kaalinsabay sa mabilis na lumiliit na porsyento ng mga regular na tinatanggal o nagiging kontraktwal.

Pinahihintulutan ng tinaguriang tripartismo ang mga employer at gubyerno na sukulin ang mga manggagawa at gapiin ang mga kahingian ng kilusang paggawa. Ang diumano'y regulasyon-ng-sarili at boluntaryong pagsunod, ay laganap na kagawiang kapitalista na ginawang lehitimo ng estado. Kalunos-lunos at mapanganib ang kalagayan sa paggawa. Malawakang nilalabag ang pinakabatayang mga regulasyon sa kalusugan at kaligtasan sa mga pagawaan sa ngalan ng paglikha ng "klimang mapagkaibigan sa pamumuhunan". Pinakamatingkad na halimbawa ng buktot na sabwatan ng mga kapitalista at mga burukrata at ng kanilang kriminal na pagbalewala sa kagalingan ng mga manggagawa ang trahedya sa Kentex kung saan nasawi ang mahigit 70 manggagawa. Pinalalala ang mga ito ng mga patakaran ng estado sa ilalim ng Republic Act 6715 (Herrera Law), Wage Rationalization Law, mga Regional Wage Board, mga empresang "walang unyon, walang welga," "endo o *end of contract*" at iba pang gawang kontra-manggagawa. Itinutulak ng mga ito ang uring manggagawa na palawakin at palakasin ang kanilang hanay, paunlarin hindi lamang ang mga unyon sa paggawa kundi ang rebolusyonaryong mga unyon at iba pang samahan ng mga manggagawa sa mga pabrika at mga komunidad ng manggagawa. Sa ilang rehiyon, pinamunuan at sinuportahan ng Partido ang matatagumpay na pakikibaka ng mga api at pinagsasamantalahang manggagawang regular at kontraktwal sa ilang mga pabrika at plantasyon.




Ang Pilipinas ay may malapyudal na ekonomyang agraryo ngunit hindi na nakasasapat-sa-pagkain, partikular na sa produksyon ng bigas at mais, dulot ng patakarang neoliberal sa ekonomya na nagbibigay-daan na bahain ng bigas at iba pang inangkat na pagkain ang pamilihan at pahinain ang lokal na produksyon. Kasabay nito, inilaan ang malalaking plantasyon sa mga tanim na pang-eksport tulad ng goma at *oil palm* at malalawak na kalupaan ang inilaan sa produksyon ng *bioethanol.* Paglao'y, nagiging higit na mahal ang bigas at iba pang inaangkat na pagkain sa gitna ng lumiliit na lokal na produksyon ng pagkain na nagreresulta sa ibayo pang pagdarahop ng masang magsasaka.


Nagtapos noong nakaraang taon ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at ang CARP-Extension with Reforms (CARPER) nang hindi nalulutas ang suliranin sa kawalan ng lupa. Hindi

nakayanan ng karamihan ng mga nakatanggap ng *certificate of land owneship* (CLOA) na magbayad sa amortisasyon sa lupa sa Land Bank o kaya'y napilitang ibenta ang kanilang lupa sa mayayamang magsasaka o mga usurero dahil sa pagkasakit sa pamilya o kaya'y mahinang ani. Bumaling ang pamahalaan sa iba't ibang hakbangin at maniobrang ligal para bawiin ang inilaang lupa sa mga benepisyaryo. Nagsasabwatan ang pamahalaan at mangangamkam ng lupa para baguhin ang klasipikasyon ng mga palayan at maisan sa ibang pang tipo ng lupain na hindi saklaw ng reporma sa lupa. Naging epektibong iskema ito para patalsikin ang mga magsasaka at agawan sila ng lupa. Marami sa malalaking asyenda na dating napaiilalim sa reporma sa lupa ay hindi pa rin naipapamahagi sa mga benepisyaryo bunga ng ligal na mga maniobra ng mga panginoong maylupa. Sa kaso ng Hacienda Luisita, hindi pa rin naipamamahagi ang lupa sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema, patunay ng pagkamuhi ng mga Aquino-Cojuangco sa ligal na mga institusyon at aroganteng pagpapakita ng kapangyarihang malaking panginoong maylupa-burukrata-kapitalista. Mabilis ang rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng mga panginoong maylupa, gayundin sa lokal at dayuhang korporasyon sa agrikultura.

Nabubuhay ang 66 milyong Pilipino sa PhP125 o kulang pa kada araw. Pinakalaganap ang pagdarahop sa kanayunan. Sa pagkasaid ng prontera mula noong katapusan ng dekada 1960, may tendensya ang sobrang populasyon sa kanayunan na magtungo sa kalunsuran at magsiksikan sa mga komunidad ng maralitang lungsod. Mula 2010 hanggang 2014, naglaan ang rehimeng Aquino ng PhP178 bilyon para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) o Conditional Cash Transfer para ipamudmod sa mga maralitang pamilya. Bigo ang nakapakalaking bulto ng salaping ito na signipikanteng bawasan o mapaginhawa ang pagdarahop. Daang milyong piso ang nawala dulot ng katiwalian sa burukrasya. Inilaan ang napakalaking halagang PhP62.6 bilyon, halos doble ng dating taunang abereyds, para sa programang ito sa 2016.

Artipisyal na sinusuhayan ang Pilipinas ng napakalaking utang panlabas na USD75 bilyon noong Hunyo 2015, halos triple ng USD27 bilyon na utang panlabas na iniwan ng pasistang rehimeng Marcos. Lumalaki ang mga depisito sa kalakalan at pinupunuan ng dagdag na dayuhang utang. Tumaas ang kabuuang utang pampubliko tungong PhP5.847 trilyon sa katapusan ng Hulyo 2015. Sa halagang ito, umabot nang PhP3.89 trilyon ang lokal na utang. Pinalala ng depisit na paggasta ng pamahalaan ang pagtaas ng lokal na utang pampubliko.

Ang kawalan ng kaunlaran, malaganap na kahirapan, malawakang disempleyo at ang lumalalang krisis sa ekonomya ng Pilipinas ay naguudyok ng panlipunang ligalig at rebolusyonaryong paglaban. Nagngangalit ang mga manggagawa sa tunguhing neoliberal na ibaba ang kanilang sahod, gawin silang mga kaswal at partaym na manggagawang maiikli ang kontrata, at supilin ang kanilang demokratikong mga karapatan, laluna ang kanilang karapatang mag-unyon at magwelga. Pinapaslang ang mga lider-manggagawa para sindakin ang buong uring manggagawa.





Patuloy na naghihirap ang masang magsasaka sa lumalalang kundisyon ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa harap ng serye ng mga napakahuwad na reporma sa lupa sa nakaraang 50 taon. Binitiwan na ng mga manggagantsong ahenteng pampulitika ng uring panginoong maylupa ang kanilang pagkukunwari sa reporma sa lupa sa pagtatapos ng CARPER. Pinakamatindi ang pagdurusa ng masang magsasaka at katutubong mamamayan sa pagsasamantala at pang-aapi. Nagaganap ang rekonsentrasyon ng lupa sa antas ng maliliit, panggitna at malalaking panginoong maylupa. Inaangkin ng pinakamasahol sa mga malalaking mangangamkam ang pinakamalalaking lupain sa aktibong tulong ng reaksyonaryong pamahalaan para sa, o kaugnay ng paglawak at ispekulasyon sa real estate, mga plantasyon, minahan at espesyal na mga sonang pang-ekonomya.

Naglulunsad ang masang magsasaka ng iba't ibang anyo ng pakikibaka para ipaglaban at igiit ang kanilang karapatan sa lupa. Naglulunsad sila ng kampanya para ibaba ang upa sa lupa, ibaba ang tantos ng usura, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid at manggagawang agrikultural, itaas ang produksyon at presyo ng mga produktong magbubukid, ibaba ang arkila sa mga kasangkapan at kagamitan sa pagsasaka, itayo ang mga kooperatiba at lumahok sa grupong pagtutulungan. Sa ilang rehiyon, inokupa ang abandonado at pinagtatalunang lupa. Inilunsad ng mga organisasyong magsasaka ang mga pambansang kampanyang protesta sa pamamagitan ng mga martsa at kadena ng mga magsasaka.

Brutal na inaatake ang karapatan ng mga mamamayang katutubo sa lupaing ninuno. Sa tangkang agawin ang lupa, tinutulungan ng pamahalaan ang mga dayuhan at lokal na mangangamkam ng lupa gamit ang mga operasyong militar at saywar ng Oplan Bayanihan laban sa mga magsasaka, kasama na ang mga katutubo. Sa mga pahayag ng AFP, mapanlinlang na tinutukoy ang mga operasyong militar bilang mga ope-

rasyon para sa kapayapaan at kaunlaran. Ang mamamayan sa kabundukan na matagal nang pinabayaan ng reaksyunaryong pamahalaan ay nagtayo ng sarili nilang mga paaralan at iba pang pasilidad panlipunan. Ang mga ito ay sinasakop at winawasak ngayon ng mga tropang militar at mga grupong paramilitar ng Oplan Bayanihan habang kinakamkam ang lupa para sa pakinabang ng mga korporasyong dayuhan at malalaking kumprador na sangkot sa pagmimina, pagtotroso at mga plantasyon. Pinapaslang ang mga lokal na lider at guro. Hindi nagpasindak ang mamamayan at lumaban na sila. Inilunsad nila ang mahahabang martsa mula Mindanao at Cordillera para pakilusin ang buong bansa laban sa mga mang-aapi na pinamumunuan ni Aquino.




Naglulunsad ng militanteng mga kilos masa ang ligalig na mga mag-aaral at mga kabataang di nakapag-aaral laban sa tumataas na matrikula, kawalang trabaho sa pagtatapos ng pag-aaral, komersyalisasyon ng edukasyon (kabilang na ang pampublikong kolehiyo at mga pamantasan), pagpapataw ng sistemang K+12 para lumikha ng maamong lakas paggawa para sa dayuhan at lokal na nagsasamantala, ang pagbawas ng pondong pampubliko para sa mga pampublikong paaralan, at ang pagtataas ng pondong publiko para sa militar, pulis, at mga operasyon at kagamitang paniktik.

Nasusuklam ang buong sambayanang Pilipino sa malawakan at sistematikong mga paglabag ng mga karapatang-tao na pinaiiral ng rehimeng US-Aquino sa pagpapatupad ng Oplan Bayanihan.

Patuloy na pinalalakas ng masang manggagawa at magsasaka ang kanilang pakikiisa sa petiburgesyang lungsod na nagtitiis sa napakababang kita, kakulangan ng mga oportunidad sa trabaho sa bayan, presyur na magtrabaho sa ibayong dagat, at naiiskandalo sa katiwalian ng naghaharing pangkatin at matataas na burukrata sa pangkalahatan. Matagal nang disgustado ang panggitnang burgesya sa pagkontra ng rehimeng US-Aquino sa industriyalisasyon at ang pagkamanhid nito sa mga kahilingan na suportahan ang maliliit at katamtamang-laking mga empresa.

Lubha nang nahihiwalay ngayon ang rehimeng US-Aquino. Gayunpaman, naglaho ang posibilidad ng pagpapatalsik kay Aquino sa pamamagitan ng isang pag-aalsang bayan dahil nagsimula na ang tunggaliang elektoral para sa pagkapangulo sa 2016. Nawalan ng interes ang mga burgesyang alyado ng mga anakpawis at ang dominanteng Simbahan na patalsikin siya sa isang aklasang bayan liban na lang kung makagawa siya ng panibagong seryosong krimen o kamalian.

Gayunpaman, nananatiling hiwalay si Aquino bunga ng pagkakalantad sa napakaraming mga iskandalo kabilang na ang katiwalian sa pork barrel sa ilalim ng iba't ibang katawagan tulad ng PDAF, DAP, *off budget accounts,* espesyal na mga pondo, at iba pa; ang kakulangan ng pagbigay ng napapanahon at sapat na rekurso para sa tulong, rehabilitasyon at rekonstruksyon ng mga komunidad na nasalanta ng bagyong Yolanda; ang pagtalaga kay Gen. Alan Purisma (habang suspendido sa mga kasong katiwalian) bilang pangkalahatang pinuno ng nabulilyasong operasyong Mamasapano; ang paghirang sa mga tiwaling upisyal sa matataas na mga pusisyon batay lamang sa pagkakaibigang personal; ang espesyal na paggawad ng mga kontrata ng estado sa mga kroni sa negosyo, at iba pa.

Nahaharap din siya ngayon sa higit na malalaki at higit na seryosong mga pananagutan, tulad ng panatikong implementasyon ng patakarang neoliberal sa ekonomya, malawakan at sistematikong paglabag sa karapatang-tao, at ang paglala ng kawalan ng pagkakapantay-pantay at katarungang panlipunan, disempleyo at kahirapan.

Ganap na nabigo ang rehimeng US-Aquino na wasakin o ipawalangsaysay ang Bagong Hukbong Bayan sa pamamagitan ng Oplan Bayanihan at kaugnay na mga maniobrang pulitikal. Bigo itong ipakita ang mabuting pamahalaan. Sa halip, lubos itong nailantad bilang tiwali at inutil. Wala itong nagawa kundi ang palalain at palalimin ang malakolonyal at malapyudal na mga kalagayan ng kawalang-kaunlaran at kahirapan.

Mula 2010, gumawa ng mga hungkag na pangako ang rehimeng Aquino sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) para itali ito sa walang-taning na tigil-putukan at magkaroon ng dagdag na pwersang militar na ipapakat laban sa BHB. Ngunit hindi napagtibay ng rehimen ang Bangsamoro Basic Law (BBL) at inilantad ang sarili na pinasasakay lamang ang MILF.

Sa kabila ng tigil-putukan ng pamahalaang Maynila sa MILF, napangibabawan ng BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa sa Silangang Mindanao ang lumaking pakat ng mga pwersa ng kaaway sa kanilang mga lugar. Samantala, ang mga pagkasiphayo ng Bangsamoro sa tumitinding armadong panlulupig sa Mamasapano at iba pang mga lugar ng Moro, bukod pa sa pagkatay at hindi pagpasa ng BBL, ay nagbubukas sa posibilidad ng higit na malawakan at malalim na armadong paglaban ng Bangsamoro.

Inakala ng rehimeng US-Aquino na mabubuklod nito ang buong bansa sa kanilang panig sa pagkontra sa panghihimasok ng China sa West Philippine Sea at maakusahan at maihihiwalay ang mga pwersang pinamumunuan ng PKP bilang maka-China sa kabila ng matagal nang puna nila sa Dengistang pagpapanumbalik ng kapitalismo sa

China. Ngunit nanindigan ang Partido at ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang pinamumunuan nito para sa pambansang soberanya at teritoryal na integridad.

Kinundena ng PKP ang di-makatarungang pag-angkin ng China sa di-mapasusubaliang soberanya sa mahigit 90% ng South China Sea at sa partikular ang pag-agaw sa Panatag Shoal at ang reklamasyon sa Spratlys – pawang paglabag sa soberanong karapatan ng mamamayang Pilipino sa *exclusive economic zone* at *extended continental shelf* alinsunod sa UN Convention on the Law of the Sea. Kinundena rin nito ang rehimeng Aquino sa pagpapahintulot sa mga korporasyong pampubliko at pribado ng China na magmantini at magpalaki ng kanilang negosyong interes sa Pilipinas sa anyo ng 40% sosyo sa *national power grid*, malalaking operasyong minahan, mga plantasyon, mga empresang pinansyal, mga otel, mga *shopping mall* at iba pa.

Habang sinusuportahan ang kaso ng Pilipinas laban sa China sa International Tribunal on the Law of the Sea at ang Arbitral Tribunal, kinundena ng Partido ang rehimeng Aquino sa paggamit ng alitang pandagat para pahintulutan ang US na muling magtayo ng mga base militar sa loob ng "napagkasunduang mga lokasyon" sa ilalim ng EDCA at sa paghihikayat sa Japan na makialam sa Pilipinas sa paraang pangmilitar.

Kung magdesisyon ang internasyunal na tribuna pabor sa Pilipinas, obligadong bitiwan ng China ang walang-batayang pag-aangkin nito ng 90% ng South China Sea at baguhin ang pakikitungo nito sa internasyunal na komunidad at sa mga bansa sa ASEAN. Mawawalan rin ng katwiran ang US sa pagtatayo ng mga base militar sa Pilipinas sa pagkukunwang ipagtatanggol ang Pilipinas mula sa China. Samakatwid, maaaring mapaunlad ng mga pwersang makabayan at progresibo at ng buong sambayanang Pilipino ang relasyong pang-ekonomya sa China para sa pagsulong ng pambansang industriyalisasyon sa halip na panatilihin at palalain ang kawalang-kaunlaran ng Pilipinas.

Nagsimula na ang perya ng kampanyang halalan para sa pagkapresidente kasama ang kaliwa't kanang mga kaso ng diskwalipikasyon, pagsasampa ng mga kasong kriminal at pagkakalat ng tsismis. Sinasalamin nito sa kongkretong paraan ang mga tunggalian ng mga paksyong pampulitika sa hanay ng mga reaksyunaryo.

Kilala ang kandidato ng naghaharing Liberal Party na si Mar Roxas bilang tagapagtaguyod ng patakarang neoliberal sa ekonomya, isang batang Wharton, isang masugid na kinatawan ng malalaking kumprador at panginoong maylupa na masunurin sa US. Hindi siya interesadong makuha ang tiwala ng masang anakpawis, liban sa mababaw na pagpapanggap sa mga kuha sa litrato na nagbabanat rin siya ng buto. Naihihiwalay siya ng mas malalaki at seryosong pananagutan, tulad ng masugid na pagpapatupad ng patakarang neoliberal sa ekonomya, ang malawakan at sistematikong paglabag sa karapatang-tao, at ang pagpapalala ng di-pagkakapantay-pantay at kawalang katarungang panlipunan, disempleyo at pagdarahop.

Sa kabila ng malaking halaga ng pondong pampubliko at pribado na ibinuhos na para suportahan ang kanyang kampanya, mababa pa rin si Roxas sa mga sarbey dahil masyado siyang dikit kay Aquino at dahil kilalang-kilala siya sa pagiging inutil. Tinutuya siya, sa aktwal, dahil sa panatang ipagpapatuloy ang patakarang Daang Matuwid ni Aquino.




Sa pagtatangkang makakuha ng mga boto, nagsisikap ang lahat ng pangunahing mga kandidatong pampangulo na itaguyod ang ilang kahilingan ng ordinaryong mamamayan, tulad ng pagwakas sa katiwalian sa matataas na antas ng pamahalaan, gayundin sa lumalaganap na krimen, pag-industriyalisa para lumikha ng mga trabaho at iba pa.

Nalulugod ang Partido at ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na nangangako, sa iba't ibang antas, ang lahat ng limang pangunahing kandidato sa pagkapangulo sa halalang 2016 para sa muling pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan ng NDFP at GHP.

Pinakamaingay at pinakadirekta ang alkalde ng Davao na si Rodrigo Duterte sa pagpapahayag ng kanyang panukala sa NDFP para sa pamahalaang koalisyon at ang pag-alok ng ilang pusisyon sa gabinete, at sa pagtukoy ng makabayan at progresibong batayan para sa kapayapaang makatarungan. Gayunpaman, naunahan siya ni Sen. Grace Poe sa komprehensibong pagtukoy ng mga batayan para sa alyansang panghalalan sa Blokeng Makabayan kabilang na ang pagtataguyod ng pambansang soberanya at panteritoryong integridad, paggalang sa karapatang-tao, pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa.

Matindi ang kalalabasan kung mayroong mayor na kandidatong pampresidente na madiskwalipika o makulong kasabay na si Roxas ay nakikitang labis na pinapaboran ng kanyang mga among dayuhan at lokal.

Sinasabi ng pinakamatalas na mga tagapagmasid na kahit ano pa ang lumabas sa mga sarbey sa halalan at sa mismong aktwal na botohan, ang magpapasya sa halalang pampresidente ay ang kontrol ng CIA at ni Aquino sa *automated electoral system* na patatakbuhin ng

Smartmatic-TIM na maaaring iprograma para "ihalal" ang mga upisyal tulad noong halalang 2010 at 2013. Garapal at walang-pakundangang pagyurak sa soberanya ng mamamayan ang pagbigay sa isang kahina-hinalang korporasyong dayuhan ng napakahalagang papel sa pambansang halalan.

Hindi nag-eendorso ang Partido at ang NDFP ng sinumang kandidato, partido o koalisyon sa prosesong elektoral ng sistemang reaksyunaryo. Nasa labas sila ng sistemang ito. Ngunit pinag-aaralan at sinusuri nila kung paano kikilalanin at pakikitunguhan ang mga kandidato, partido at koalisyon sa loob ng naghaharing sistema, bago, habang at pagkatapos ng halalan, kaugnay ng gera sibil, para makinabang ang mamamayan at ang usapang pangkapayapaan.

Mabuti at mayroong Blokeng Makabayan na nagpupunyaging magtaguyod ng linyang patriyotiko at progresibo sa pagdadala ng pakikibakang elektoral at sa paghahanap ng dagdag na mga alyansa sa loob ng naghaharing sistema. Higit na malaki ang kakayahan sa botohan ng Blokeng Makabayan kumpara sa Iglesia ni Cristo sa pambansang saklaw at may kakayahan itong maghalal ng makabayan at progresibong mga kandidato sa iba't ibang antas.

Habang nakatuon ang Blokeng Makabayan at ang mga progresibong grupong partylist sa pakikibakang elektoral, dapat isulong ng iba't ibang organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, mag-aaral, guro, manggagawang pangkalusugan, abugado, artista, manunulat, aktibista para sa karapatang-tao at iba pang sektor, ang kani-kanilang mga kampanya kaugnay ng maiinit na usapin at pangmatagalang mga isyu ng pambansa-demokratikong kilusang masa. Tutal, saklaw lamang ng pakikibakang elektoral ang ilang buwan sa loob ng tatlong taon samantalang ang kilusang masa ay gumagalaw araw-araw buong taon para pukawin, organisahin at pakilusin ang masa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka.

Nililikha ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema ang paborableng obhetibong kundisyon para sa pag-unlad ng suhetibong mga pwersa ng armadong rebolusyon. Pinamumunuan ng Partido ang proletaryado at ang malawak na masa ng sambayanan alinsunod sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng pangmatagalang digmang bayan. Pinamumunuan nito ang Bagong Hukbong Bayan para ilunsad ang armadong pakikibaka at isanib ito sa rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa.

Napatatatag ang alyansang manggagawa-magsasaka habang isinusulong ang matagalang digmang bayan. Itinatayo sa kanayunan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika na bumubuo ng demokratikong gubyernong bayan. Itinatayo at pinakikilos ang rebolusyonaryong mga organisasyong masa para suportahan ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at para mag-ambag ng kanilang lakas sa pagtatayo ng pambansang nagkakaisang prente sa ilalim ng NDFP. Pinauunlad ang suhetibong mga pwersa ng rebolusyon at ang kanilang mga alyansa sa pamamagitan ng mga pakikibaka sa araw-araw habang may ilusyon ang mga reaksyunaryo na tatagal habambuhay ang kanilang sistema hangga't pana-panahon silang mag-eeleksyon.

---

## III. Matatag at mabisang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rebolusyong Pilipino

MATATAG at mabisang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang rebolusyong Pilipino dahil wasto nitong pinanghawakan ang linyang pang-ideolohiya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang pangkalahatang linyang pampulitika ng demokratikong rebolusyon ng bayan at ang linyang pang-organisasyon ng demokratiko sentralismo at alinsunod dito'y nagsasagawa ng gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon.

Sa pagbubuo sa ideolohiya, binuo ng Partido ang malawak na koleksyon ng mga klasiko at kasalukuyang Marxista-Leninista-Maoistang mga araling materyal para sa mga kadre at kasapi ng Partido. Nagsisilbi ang mga ito bilang teksto at sanggunian para sa batayan, intermedya at abanteng kurso ng Partido. Laging idinidiin na ang paggagap sa rebolusyonaryong teorya at mga prinsipyo ang lumilikha ng isang Partidong nagkakaisa at disiplinado. Higit pang idinidiin na ang teorya at mga prinsipyo ay dapat ilapat sa kasaysayan at kasalukuyang mga sirkunstansya ng mamamayang Pilipino at ng Partido.

Tuluy-tuloy na ginamit ng Partido ang kanyang Saligang Batas at Programa at ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino ni Amado Guerrero para sa batayang kurso ng Partido. Pinauunlad at dinaragdagan ang mga ito ng bagong mga batayang dokumento, pagsusuri ng kasalukuyang mga pangyayari at sustenidong mga akda na inilalabas ng Komite Sentral ng Partido sa pamamagitan ng *Ang Bayan*. Naglabas rin ito ng mga akdang nagsisilbi sa intermedya at abanteng kurso. Kabilang dito ang mga dokumento ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ang Manindigan sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo ni Armando Liwanag.

Ang edukasyong pang-ideolohiya ng mga kadre at kasapi ng Partido ay patuloy na lumalawak dahil

hinihimok at tinatagubilinan silang kunin ang kursong intermedya ng Partido at matuto sa mga rebolusyon ng ibang mamamayan sa diwa ng anti-imperyalistang solidaridad at proletaryong internasyunalismo at sa huli'y ang abanteng kurso ng Partido na nagsisikap magbigay sa kanila ng sapat na kaalaman sa Marxista-Leninistang pilosopiya, ekonomyang pampulitika, syensyang panlipunan, rebolusyonaryong estratehiya at taktika at kasaysayan ng internasyunal na kilusang komunista.

Yaong mayroong mataas na pormal na edukasyon ay hinihimok na magbasa ng mga akdang pag-aaralan bago at lampas pa sa mga kursong pag-aaral ng Partido. Ngunit kinikilala ng Partido ang kahirapan ng mga manggagawa at magsasakang may mas mababang antas ng pormal na edukasyon sa pagbabasa ng mga akdang pag-aaralan. May mga pinasimple at isinalarawang mga sanggunian na inilimbag at nakabidyo. Ang mga kadreng nagtuturo ay ginaganyak at sinasanay sa pagpapaliwanag ng mga salita at isyu sa wikang nauunawaan ng mga manggagawa at magsasaka. Tutal, ang paksa sa esensya ay ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila at ang kanilang pakikibaka para lumaya.

Kapag nagagawa nang mahusay at maagap ang pang-ideolohiyang edukasyon, ibinubunga nito ang mas maalam at determinadong mga kadre at kasapi ng Partido na puspusan, militante at mabisang gumagampan sa kanilang gawaing pampulitika at pang-organisasyon. Kung hindi, napipinsala ang lahat ng uri ng gawain. Ang edukasyong pang-ideolohiya ay nakaliligtaan kung minsan dahil sa pagkaabala sa praktikal na gawain. Sa ibang pagkakataon, may pagkiling naman sa masyadong mahabang mga pulong-pag-aaral ng malalaking grupo ng mag-aaral, na hindi madaling maulit. Maaaring magkaroon ng maliliit o malalaking pulong pag-aaral, batay sa kalagayang panseguridad. Ang mga pulong pag-aaral ay maaaring matamang maitakda upang maiwasan ang napakahabang mga pulong.



Napansin natin na ang mga sentral na organong istap at panrehiyong organo ng Partido at mga organisasyong maagap at mahusay na nagsasagawa ng edukasyong pang-ideolohiya ay mahusay rin sa lahat ng uri ng gawain. Walang mga di-kinakailangang pagkabalam sa edukasyon ng mga kadre at kasapi ng Partido na mula rito'y nagrerekrut ng dagdag na mga kandidatong kasapi ng Partido. Maagap na nagiging mga ganap na kasapi ang mga kandidatong kasapi sa panahon ng kandidatura at hinihimok na itaas ang kanilang antas ng kaalaman sa pamamagitan ng mga pampartidong kurso sa pag-aaral. Sa gayon, patuloy na dumarami ang mga kadre at kasapi ng Partido na mayorya ay kabataan.

Naging matagumpay ang Partido sa pagsasakatuparan ng pangkalahatang linyang pampulitika ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng estratehikong linya ng matagalang digmang bayan laban sa malakolonyal at malapyudal na sistema. Ang uring manggagawa ay nagsisilbing namumunong rebolusyonaryong uri sa kasalukuyang antas ng rebolusyong Pilipino at ang iluluwal nitong antas ng sosyalistang rebolusyon. Upang maipagtagumpay ang rebolusyon, tatlong sandata ang ginagamit nito upang imulat, organisahin at pakilusin ang mamamayan at gapiin ang kaaway.


Ang Partido Komunista ng Pilipinas ang unang sandata. Ito ang sulong na destakamento ng uring manggagawa, na pumapatnubay sa rebolusyonaryong kilusang masa at nagkokoordina ng iba't ibang anyo ng pakikibaka. Ang ikalawang sandata ay ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, na siyang pinakamataas na anyo ng pakikibaka dahil para ito sa pagpapabagsak ng reaksyunaryong naghaharing estado at pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan. Ang ikatlong sandata ay ang nagkakaisang prente na nagbubunsod ng iba't ibang tipo ng alyansa upang hikayatin ang milyun-milyong mamamayan at pahinain, ihiwalay at wasakin ang kaaway sa isang rebolusyonaryong digmaang sibil o sa isang patriyotikong digma laban sa dayuhang agresyon.

Nakatayo na ngayon ang Partido sa pambansang saklaw kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Sa kalunsuran, nakabase ito sa mga manggagawa sa mga pagawaan, linya ng transportasyon at komunidad ng maralitang lunsod. Nakabase rin ito sa petiburgesyang lunsod, laluna sa mga kabataang nakapag-aral, mababang-kitang mga propesyunal at kawani sa gubyerno. Noong una, nagmula sa kalunsuran ang mga proletaryong rebolusyonaryo. Nang umunlad ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan, lumitaw ang dagdag na mga proletaryong rebolusyonaryo mula sa mga manggagawa sa minahan, trosohan at plantasyon, tradisyunal na mga manggagawang bukid at maralitang magsasaka at mga aktibistang kabataang estudyante

mula sa kalunsuran.

Isinasakatuparan ng Partido ang estratehikong linya ng digmang bayan na kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan at mag-ipon ng armado at pampulitikang lakas sa kanayunan hanggang maabot ang kakayahang agawin ang mga lunsod sa pambansang saklaw. Sa layuning ito, nagtalaga ang Partido ng mga kadre at kasapi ng Partido para sa gawain sa Bagong Hukbong Bayan at sa mga komunidad sa kanayunan, noong simula'y sa ilang rehiyon at sa lalong madaling panahon ay sa pambansang saklaw. Pagsapit ng 1977, sinaklaw na ng mga larangang gerilya ng Partido at ng BHB ang Luzon, Visayas at Mindanao.

Mabisa ang digmang bayan kung saan ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa ay integral na sangkap sa ilalim ng pamumuno ng Partido sa pamamagitan ng iba't ibang antas ng kumand ng BHB. Binibigyan ng Partido ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng edukasyong pulitiko-militar at hinihimok silang magtamo ng mga tagumpay upang makapagtayo ng dagdag na mga yunit ng BHB mula sa mga armas na sinamsam sa kaaway.



Isinasagawa ang rebolusyong agraryo sa pamamagitan ng dalawang antas ng minimum at maksimum na reporma sa lupa. Ang minimum na programa ay malawakang isinasagawa sa mga larangang gerilya, na naglalaman ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapababa kundi man pagpawi ng usura, pagpapababa sa arkila ng mga kasangkapan at kagamitan, pagpapaunlad ng produksyon at mga presyo ng produktong magsasaka, pagtatayo ng mga kooperatiba at grupong pagtutulungan, atbp. Ang maksimum na programa ay naglalaman ng libreng pamamahagi ng lupa sa mga nagbubungkal. Mahigit isang milyong pamilyang magsasaka ang nakikinabang na ngayon kapwa sa maksimum at minimum na programa sa reporma sa lupa, kung saan puu-puong libong ektarya ang ipinamahagi sa mga benepisyaryong pamilya sa buong bansa sa nakaraang mga taon.

Ang pagtatayo ng baseng masa ay nagagampanan sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika (sa simula'y mga komiteng pang-organisa sa baryo at mga rebolusyonaryong komite sa baryo) at sa mga organisasyong masa ng manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, bata at aktibistang pangkultura. Ang mga munisipal at sub-munisipal na antas ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ay lumilitaw sa ilang mga rehiyon. Naitayo na ang mga balangay ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid sa antas sub-munisipal, munisipal at hanggang sa distrito. Naisasabuhay ng mamamayan ang kanilang soberanya sa pamamagitan ng eleksyon na malayang isinasagawa, kung saan sikreto ang botohan. Nabubuo ang mga platung gerilya sa hanay ng may mahuhusay na pangangatawan at para sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan.

Ang pangkalahatang kakayahan ng BHB ay nasa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Ang mga opensibang operasyon ay inilulunsad ng maliliit na tim, iskwad, platun at pinalaking platun. Sa mga rehiyong pinakasulong ang digmang bayan, nakamit ng BHB ang kakayahang magtipon ng mga kumpanya o maging ng batalyon para ilunsad ang pinakadramatikong mga opensibang operasyon laban sa mga empresang minahan, trosohan at plantasyon at laban sa mga *field command* o himpilan sa larangan ng kaaway.

Hanggang ngayon, hindi natin natupad ang lubos na hinahangad na pambansang pagsulong ng BHB mula sa antas ng estratehikong depensiba tungo sa estratehikong pagkakapatas. Ang pagkabalam ng pagkamit sa estratehikong pagkakapatas ay maipaliliwanag sa hindi pantay na pag-unlad ng suhetibong mga pwersa sa buong bansa at sa tindi ng reaksyon ng kaaway sa paparaming mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan. Sa mga pagpuna at pagpuna-sa-sarili at sa tuluy-tuloy na mga kampanyang pagwawasto, dapat nating suriin kung ano ang humahadlang sa hukbong bayan sa pagsasakatuparan ng pangunahing tungkulin nitong ipagtagumpay ang mga labanan kontra sa kaaway sa pamamagitan ng mga reyd at ambus. Ang unang dapat tignan ay kung ang Partido ba ay maagap na gumagampan ng kinakailangang gawaing pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon, kung may pagtigil o pagbawas ng mga kadre at kasapi ng Partido at kung tagibang ang gawain.

Gayunpaman, lahat ng naunang panawagan sa pag-aabot sa bungad ng estratehikong pagkakapatas ay nagsilbing inspirasyon sa ating Partido at sa mga Pulang kumander at mandirigma na ibuhos ang kanilang pagsisikap na magkamit ng mga tagumpay sa digmang bayan. Sa katunayan, sa ilang rehiyon, naabot ng BHB ang isang antas ng lakas at kapasidad na nagpapahintulot ng mas malaking pagtutulungan ng inisyatiba, pleksibilidad at pagpaplano, paglulunsad ng mas maigting at malaganap na pakikidigmang gerilya, pagsustine ng mga taktikal na opensiba at pagbigo sa matagalang mga kampanya ng kaaway.

Dapat purihin ang mga pwersa ng Partido at ng BHB sa Eastern Mindanao sa kanilang dakila, maa-


lam at matagumpay na halimbawa. Ipinakita nila na kaya nilang mas lumakas sa pamamagitan ng paglaban sa pinakakonsentradong mga atake ng kaaway. Sa mahigit sampung taon, pinangibabawan nila ang napakalupit na mga planong kampanya ng kaaway tulad ng Bantay Laya at Bayanihan. Sunud-sunod na napahiya ang bawat *chief-of-staff* ng kaaway sa adelantadong deklarasyon ng tagumpay. Sa pinakahuling kampanya ng kaaway laban sa BHB sa Eastern Mindanao, inakalang ang deployment ng 24% (27 sa 113 batalyon) ng kabuuang armadong lakas ng reaksyunaryong sandatahang pwersa ay magdudulot ng pagkatalo ng 40% ng kabuuang lakas ng BHB.

Taliwas sa inaasahan ng kaaway, napangibabawan ng BHB sa Eastern Mindanao ang mga kampanya sa pamamagitan ng pagsasamantala sa malalawak na puwang sa pakat ng kaaway sa mahirap na kalupaan at nagbigay ng inspirasyon sa mga pwersa ng BHB sa iba pang rehiyon ng Mindanao at sa Visayas at Luzon upang paigtingin ang kanilang mga taktikal na opensiba.

Karamihan sa mga panrehiyong kumand ay tumugon sa panawagan ng Partido na pasiglahin ang mga taktikal na opensiba batay sa sarili nilang kakayahan at lakas at matapos resolbahin ang mga problema sa pamamagitan ng mga paglalagom at pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Nakinabang ang mga rehiyon sa labas ng Eastern Mindanao sa relatibong pagnipis ng mga pwersang militar dulot ng konsentrasyon ng huli sa Mindanao. Sa kabilang banda, signipikanteng nadiskaril ng pagpapaigting ng taktikal na opensiba sa buong bansa ang balak ng kaaway na higit pang magpokus at wasakin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa Eastern Mindanao. Sa gayon, sa pambansang saklaw, nabigo ng BHB ang layunin ng Oplan Bayanihan na ito'y wasakin o ipawalangsaysay.

Sa desperasyon, nagbuo ang kaaway ng mga paramilitar na yunit upang salakayin ang mga katutubong Lumad at paslangin ang kanilang mga lider. Inilantad nito ang brutal na katangian ng Oplan Bayanihan at ng rehimeng US-Aquino na nagsisilbi sa mga interes ng dayuhang mga kumpanya at mga empresang malalaking kumprador sa pangangamkam at pandarambong sa mayamang natural na rekurso ng Mindanao.

Napaunlad ng Partido ang pinakamahigpit na alyansa sa pagitan ng uring manggagawa at magsasaka sa pamamagitan ng pagsusulong ng pinakamataas na anyo ng pakikibaka sa kanayunan. Ang batayang alyansang ito ng dalawang pinakamalalaking uri, ang pinakaapi at pinakapinagsasamantalahan sa lipunang Pilipino, ang pundasyon ng bagong demokratikong rebolusyon, pambansang pagkakaisa at lahat ng posibleng alyansa. Upang mabuo ang alyansa ng mga batayang rebolusyonaryong pwersa, ang masang anakpawis ng mga manggagawa at magsasaka ay nakikipagkaisa sa petiburgesyang lunsod. Ang panggitnang burgesya ay maaari ring mahikayat sa isang patriyotikong alyansa. Maging ang ilang seksyon ng reaksyunaryong mga uri ay mahihikayat bilang pansamantala at hindi maaasahang mga alyado upang maihiwalay at mawasak ang kapangyarihan ng kaaway.



Habang pinalalawak ng Partido ang nagkakaisang prente, ipinatutupad nito ang katatagan sa prinsipyo at pleksibilidad sa patakaran at pinananatili ang kasarinlan at inisyatiba. Ang punto ay hikayatin ang milyun-milyong masa, palakihin ang lakas ng rebolusyonaryong kilusan at ihiwalay, pahinain, at wasakin ang kaaway. Ang nagkakaisang prente ay isang sandatang maaaring ilapat sa iba't ibang anyo ng ligal na pakikibaka gayundin sa rebolusyonaryong mga anyo ng pakikibaka. Mas mabisa itong nagagamit dahil ang Partido at ang mamamayan ay may sariling hukbong bayan na malalim na nakaugat sa hanay ng masang anakpawis ng mga manggagawa at magsasaka.

Papel ng nagkakaisang prente na paunlarin ang pakikipagtulungan sa pambansa at lokal na mga upisyal ng reaksyunaryong gubyerno sa pagsasalungat sa mga patakaran at aksyon ng pambansang pagkakanulo ng reaksyunaryong naghaharing pangkatin at sa garapal at sistematikong paglabag sa karapatang-tao ng marahas na mga instrumento ng estado. Gawain rin sa nagkakaisang prente ang paghimok ng Partido at iba pang rebolusyonaryong pwersa sa mga ligal na patriyotiko at progresibong pwersa na kritikal na lumahok sa prosesong elektoral ng naghaharing sistema. Dagdag na papel ng nagkakaisang prente na paunlarin ang malapit na relasyon sa mga armadong kilusan ng mamamayang Moro laban sa reaksyunaryong estado. Kahit ang usapang pangkapayapaan ay may potensyal na magtaguyod ng isang alyansa laban sa dayuhan at pyudal na dominasyon at paglalatag ng batayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Mahusay na nagsilbi sa Partido ang pang-organisasyong prinsipyo at linya ng demokratikong sentralismo sa pagpapanatili at paglaki ng Partido. Ang esensya ng demokratikong sentralismo ay ang pagkuha ng mga impormasyon at panukala mula sa lahat ng kadre at kasapi ng

Partido sa pamamagitan ng kanilang namumunong mga komite at kolektibong yunit at pagtitipon ng kanilang determinasyon at lakas para sa pagsasagawa ng mga kagyat at pangmatagalang tungkulin sa rebolusyon. Ang sentralismo ay nakabatay sa demokrasya at gumagabay sa demokrasya. Ang minorya ay napaiilalim sa mayorya. Ang nakabababang mga organo ay napaiilalim sa nakatataas na organo. Ang Komite Sentral, na may mga kasapi sa iba't ibang bahagi ng bayan, ay may Kawanihang Pampulitika at Komiteng Tagapagpaganap para buuin ang kinakailangan at napapanahong mga pasya. Ayon sa kahalagahan at saklaw ng mga pasyang kailangang buuin, ginaganap ng Partido ang Kongreso nito at ang mga nauukol na pulong ng Komite Sentral, Kawanihang Pampulitika at Komiteng Tagapagpaganap.

Patuloy na pinananatili at pinalalakas ng Partido ang pambansang organisasyon, na mahigpit na nakaugat sa masa. Sa ilang rehiyon, ang karagdagang laki at lakas ng organisasyon ng Partido ay salamin ng lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Sa ibang mga rehiyon, maaaring may mga mayor na pagkakamali at pagkukulang na may mapaminsalang epekto sa pang-organisasyong lakas ng Partido, kabilang na ang mga pagluwag sa seguridad na hindi maagap at mabisang naiwasto at nagbunga ng pagkawala ng mga kadre.

Sa anumang antas at dalas na ang namumunong mga kadre ng Partido sa anumang antas ay patayin o dakpin ng kaaway, napunuan at napalakas ng namumunong mga organo ang kanilang hanay mula sa mga kadre at kasapi ng Partido sa sariling rehiyon o erya. Dagdag pa, nailipat ang mga kadre ng Partido mula sa isang rehiyon tungo sa isa pa upang magpalaganap ng mga aral mula sa matagumpay na mga rebolusyonaryong pakikibaka o magpalakas o magpuno sa isang namumunong organo ng Partido na nagtamo ng mga dislokasyon at seryosong mga pinsala.

Ang rebolusyonaryong kilusang masa ng iba't ibang patriyotiko at progresibong mga uri at sektor ay nagluwal ng mga aktibistang masang may mataas na kamulatan at militante na maaaring agad na irekrut bilang mga kandidatong kasapi at pasumpain bilang mga ganap na kasapi ng Partido sa panahon ng kandidatura na itinakda ng Saligang Batas ng Partido. Ang bakgrawn, talambuhay at personalidad ng mga kandidatong kasapi ng Partido maging ang kanilang batayang pag-unawa sa Saligang Batas at Programa ng Partido ay kagyat na sinisiyasat at bineberipika. Sa panahon ng kanilang kandidatura, tinatapos nila ang batayang kurso ng Partido at gumagampan ng mga gawaing naitakda sa kanila sa isang yunit ng Partido.

Isinabalikat ng Partido ang isang dibdibang pagsisikap na palakihin ang kasapian, na nagtala ng 33% pangkalahatang paglaki. Bagamat signipikante ito, kailangan ang labis pang pagsisikap upang umani mula sa relatibong mas malapad na baseng masa. Bumagal ang paglaki dahil sa mga pagkagambala sa baseng masa bunga ng mabibigat na pagkakamali at mga atake ng kaaway.



Ang kinauukulang mga organo ng Partido at ang sangay o grupo ng Partido na responsable sa pagpapaunlad ng mga kandidatong kasapi tungo sa pagiging ganap na kasapi minsan o kadalasan ay nagpapabaya sa kanilang tungkuling tiyakin ang pag-aangat sa mga kandidatong kasapi tungo sa ganap na kasapi sa loob o sa katapusan ng takdang panahon ng kandidatura. Ang hindi paggampan sa naturang tungkulin ay pumipigil sa tuluy-tuloy na pang-organisasyong paglaki ng Partido. Makapagbibigay liwanag kung pag-aaralan ang ugnayan ng tigil o papaliit na kasapian ng Partido sa pagliit ng kilusang masa at kakulangan ng lahatang-panig na pag-unlad ng rebolusyonaryong gawain.

Umaasa nang malaki ang Komite Sentral ng Partido sa mga panrehiyong komite ng Partido para sa paglawak ng organisasyon ng Partido, at sa mga grupo ng Partido sa loob ng mga pambansang organisasyong masa para sa pagpapalakas ng mga sentral na organong istap. Problematiko kapag ang isang panrehiyong komite ng Partido ay hindi makagalaw sa anupamang dahilan at hindi gumagawa o nagpapatupad ng pana-panahong plano sa edukasyon, pagtalaga at maagap na pagpapasumpa ng mga bagong kasapi ng Partido. Problematiko rin kapag ang isang panrehiyong komite ng Partido ay hindi nakapagpapaunlad ng papalaking bilang ng mga kasapi ng Partido kapwa para sa gawain sa kalunsuran at kanayunan at hindi tumutugon sa tuluy-tuloy na pangangailangan ng kanayunan sa mga kadre at kasapi ng Partido mula sa mga manggagawa at kabataang nakapag-aral.

Ang mga organisasyon ng Partido sa kalunsuran, laluna sa National Capital Region, ay dapat magpaunlad ng kanilang gawain ayon sa kanilang dalawang pangunahing responsibilidad. Kailangang lalong pasiglahin ang kilusang masa sa kalunsuran, organisahin at pakilusin ang mas maraming mga manggagawa, kabataan at estudyante, kababaihan, propesyunal, maralitang lunsod at iba pa, ilunsad ang mas marami at mas malalaking aksyong protesta, patindihin ang

mga bitak sa loob ng naghaharing uri at higit na ihiwalay ang naghaharing rehimeng US-Aquino. Ang mga kadre at aktibistang lumilitaw at napapanday sa kilusang masa ay dapat tuluy-tuloy at mas maramihang italaga sa kanayunan.

Ang mga panrehiyong komite ng Partido ay nagbabase na sa kanayunan. Kung minsan ang ilan sa kanila ay bigong magbigay ng napapanahon at matamang pansin sa pagpapaunlad sa organisasyon ng Partido sa kalunsuran at sa paghugot mula sa kalunsuran ng mga manggagawa at kabataang nakapag-aral upang maging mga kadre at kasapi ng Partido. Ang mga kadre at kasapi mula sa uring magsasaka ay laging nangangailangang tulungan ng dagdag na mga kadre mula sa manggagawa at kabataang nakapag-aral para sa mga tungkuling pampulitika na mas mataas sa antas baryo at para sa kumand at teknikal na mga gawaing mas mataas sa antas platun.

May mga namumunong organo ng Partido sa antas ng sentro, rehiyon, prubinsya at larangang gerilya na ang mga kagawad ay may edad na't sakitin. Muling mapasisigla ang ganitong mga organo sa pagdaragdag ng mga kagawad na nasa kabataan o panggitnang edad. Ang isang malusog at masiglang kumbinasyon ng mga kabataan, panggitnang edad at matatandang kadre ng Partido ay dapat matamo sa nabanggit na mga namumunong organo. Habang kaya pa, maaaring magpatuloy ang matatandang kagawad sa mayor na mga tungkulin. Ang mga sakitin o may mahinang pangangatawan ay dapat alagaan at maayos na ipwesto para sa kanilang kaligtasan.

---

## IV. Ang rebolusyonaryong mga tungkulin ng Partido Komunista ng Pilipinas

NAKAPANINDIGAN ang Partido Komunista ng Pilipinas at ang rebolusyong Pilipino sa lahat ng atake ng imperyalismong US at ng lokal na mga uring mapagsamantala. Ito ay dahil malinaw na itinakda at ipinatupad ng Partido ang kanyang mga tungkulin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Dapat mahusay na gampanan ng Partido ang nasabing mga tungkulin upang isulong ang rebolusyong Pilpino habang lumalala at nagluluwal ng paborableng mga kundisyon ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo at ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema.

Sa lahat ng paraan, dapat pamunuan at isulong ng Partido ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Gaanuman katagal, ang estratehikong depensiba ay dapat sumulong tungo sa estratehikong pagkakapatas. Ang antas na ito'y dapat paunlarin sa tagal na kakailangan para maitayo ang mga regular na pwersang makilos, suportado ng mga pwersang gerilya, milisyang bayan, mga yunit sa pananggol-sa-sarili o ng mga pangmasang organisasyon at kilusang masa at upang ihanda ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa para sa estratehikong opensiba sa hinaharap.

Dapat itayo ng Partido ang sarili sa ideolohiya. Ito ang unang tungkulin at laging unang rekisito sa pagbubuo ng Partido. Ang pabayaan ito'y pagbibigay-daan sa paglitaw ng lahat ng klase ng suhetibismo, maging empirisismo man ito, dogmatismo o lantarang rebisyunismo. Kapag wala ang tuluy-tuloy na pag-aaral at paglalapat ng teoryang Marxista-Leninista-Maoista na pinapatnubayan ng diyalektikong materyalismo at batay sa matagumpay na rebolusyonaryong praktika, ang suhetibismo ay maaaring mag-anyo ng empirisismo o ang pagbatay ng sarili sa karanasan na walang teoretikal na gabay o direksyon; at maaari ring mag-anyo ng dogmatismo o pangungunyapit sa tigil na mga ideya na walang kongkretong pagsusuri ng kongkretong kalagayan at mga pagbabago.

Kapag wala ang tuluy-tuloy na pag-aaral at paglapat ng teoryang Marxista-Leninista-Maoista, nanganganib tayong iligaw ang sarili o pumailalim sa impluwensya ng pinakakrudong ideolohiya ng burgesya, na araw-araw at pinakamalawak na pinalalaganap ng masmidya, o ng pinakatusong ideolohiya ng burgesya, na nililikha ng mga akademikong pilosopo na sadyang nambabaluktot sa teorya at praktika ng dakilang mga lider komunista.

Dapat patuloy nating pag-aralan at pagyamanin ang teorya at pratikang nilikha ng Partido sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Kabilang dito ang mga batayang dokumento ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, ang programa sa pagtatatag ng Partido, Lipunan at Rebolusyong Pilipino, Manindigan sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo at mga artikulo laban sa neoliberalismo, Gorbachovismo, Dengismo, Trotskyismo at iba't ibang grupo ng paniniwala at kulay ng anti-Marxismo.

Nagawa ng Partido na lumikha ng kabang-yaman ng Marxistang panulat sa proseso ng matagumpay na rebolusyonaryong pakikibaka at pagbaka sa maling mga ideya at pangunahing mga kamalian sa loob at labas ng Partido. Patuloy nitong inilalapat ang teorya sa praktika at iniaangat ang praktika sa antas ng teorya sa regular na pagsasagawa ng mga pagtatasa, paglalagom ng rebolusyonaryong pratika, pagpuna at pagpuna-sa-sarili, panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga uri at mga pagbabalak. Mula nang lubos na mapanumbalik ang kapita-

lismo sa mga bayang pinaghaharian ng rebisyunismo noong mga taong 1989-91, nanguna ang Partido Komunista ng Pilipinas bilang rebolusyonaryong Partido ng proletaryado na tapat sa teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at walang-humpay na naglunsad ng demokratikong rebolusyon ng bayan na may sosyalistang perspektiba. May Partido tayong may mayamang teorya at praktika na pag-aaralan sa batayang kurso ng Partido, ihahambing sa nakaraan at kasalukuyang rebolusyonaryong mga pakikibaka sa intermedyang kurso ng Partido at iuugnay sa mga batayang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa abanteng kurso ng Partido.

Dapat may plano tayo para sa sistematikong pagpapatupad sa tatlong antas ng kursong pag-aaral ng Partido upang palakasin ang ating sarili sa ideolohiya. Mas maraming kasapi ng Partido na makapagtapos sa batayang kurso ng Partido sa panahon ng kandidatura, mas maraming tauhan ng Partido ang maaasahang gumampan ng rebolusyonaryong mga tungkulin sa kilusang masa. Mas maraming makapagtapos ng intermedyang kurso ng Partido at ng abanteng kurso sa lalong madaling panahon, mas marami tayong mga kadre na maaaring ilagay sa namumunong mga organo ng Partido at iba pang rebolusyonaryong organisasyon.

Dapat episyente nating maibigay ang batayang kurso ng Partido sa lahat ng kandidatong kasapi ng Partido. Ang mga kurso ay maaaring ibigay sa maliliit na grupo ng lima hanggang sampung mag-aaral saan man, sa alin mang kwarto o sa ilalim ng langit at sa mas malaking mga grupo na may mas mabuting kober at mas may pangangalaga sa seguridad sa mga lugar na may armadong tunggalian. Lahat ng kasapi ng Partido ay dapat himuking magbasa at mag-aral ng mga materyales nang nagsasarili bago pa man kunin ang kurso. Ang mga materyales para sa pag-aaral ay dapat pasimplehin at lakipan ng mga larawan o tulong *audio-visual* sa iba't ibang wikang Pilipino para sa mga mag-aaral na mas mababa ang antas ng pormal na edukasyon. Dagdag sa regular na mga kurso ng Partido, ang mga yunit ng Partido sa lahat ng antas ay dapat masigasig na maglunsad ng mga pag-aaral sa mga paksa at artikulong mahalaga para sa paggampan ng kanilang rebolusyonaryong mga tungkulin, laluna ang mga balita at pagsusuri ng Partido sa *Ang Bayan* at iba pang publikasyon ng Partido.

Ang edukasyong teoretikal ay naglalayong ikintal ang rebolusyonaryong mga prinsipyo at diyalektikal na materyalistang mga paraan ng pag-iisip at paggawa. Walang saysay ang pag-aaral ng teor ya kung hindi ito tutungo sa mas kumprehensibo at mas malalim na pag-unawa sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan; sa pagkilala ng mga kaibigan at kaaway ng rebolusyon sa hanay ng mga uri sa lipunang Pilipino; sa paggamit ng rebolusyonaryong mga sandata tulad ng Partido, ng hukbong bayan at ng nagkakaisang prente; at sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masa para sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika.



Dapat tiyakin ng Partido na ang malawak na masa ng mamamayan ay milyun-milyong namumulat, naoorganisa at napakikilos sa pamamagitan ng mga organisasyong masa ng iba't ibang uri at sektor ayon sa pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan gayundin batay sa mga ispesipikong makauri at sektoral na mga interes. Dapat masusing isinasagawa sa lahat ng antas ang pana-panahong mga panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri upang maitakda at mapanghawakan ang kongkretong mga kundisyon na pagbabatayan ng wastong pagharap, mga taktika at pamamaraan ng pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Isang pangunahing salik sa matagal nang mga pagkukulang sa pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa mga manggagawa at ang kabiguang maramihan silang marekrut sa talibang Partido ay ang kabiguang matalas na unawain kung paano pinalala ng patakarang neoliberal sa ekonomya ang krisis ng malapyudalismo at kongkretong epekto sa mga unyon at sa kilusang manggagawa. Bunga nito, hindi mahigpit na nagagagap at naipatutupad ang wasto at mabisang mga taktika at paraan ng paggawa para salungatin ang atake neoliberal at mapangibabawan ang mga hadlang na itinayo ng mga kapitalista at ng estado.

Bilang Partido ng uring manggagawa, malalim ang interes ng Partido sa kilusang unyon at sa pagpapaunlad dito ng malakas na bag-as ng mga proletaryong rebolusyonaryo. Kailangang pangibabawan ang ekonomismo at ligalismo at magpaunlad ng bagong mga taktika para sa kilusang welga ng mga manggagawa at iba't ibang anyo ng pagmumulat at pag-oorganisa sa mga manggagawa at pagsasagawa ng malakihan at malawakang mga welgang manggagawa na may malapad na suporta mula sa ibang mga sektor at mula sa ibayong-dagat. Ang mga unyon ay dapat itransporma bilang mga rebolusyonaryong unyon na naglulunsad ng sosyalistang edukasyon, nagpapaunlad ng mga proletaryong mulat sa kanilang

makauri at makasaysayang misyon, nag-aangat ng mga pakikibakang pang-ekonomya tungo sa pakikibakang pampulitika, at matalas at hindi natatakot sa mga pakana at atake ng kanilang mga kaaway sa uri sa ilalim ng rehimeng neoliberal.

Sinisikap ng Partido na magbuo ng malakas na alyansa sa masang magsasaka at tuparin ang rebolusyong agraryo bilang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon. Sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, dapat pagsanibin ng Partido ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa. Dapat itayo ang Bagong Hukbong Bayan bilang pangunahing sandata sa pagsasakatuparan ng pinakamataas na anyo ng pakikibaka para sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika. Ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma ay dapat dumaan sa pulitiko-militar na pagsasanay at matutong lumaban sa pamamagitan ng pakikidigma. Upang makamit ang suporta ng masang magsasaka, dapat ipatupad ng Partido at ng hukbong bayan ang minimum at pagkatapos ay ang maksimum na reporma sa lupa. Dapat nilang itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at ang mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, bata at mga aktibistang pangkultura.

Dapat itayo ng Partido ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Dapat isandig ito sa alyansang manggagawa-magsasaka na pinakamahusay na itinatayong kaakibat ng digmang bayan. Dapat palaparin ang alyansang ito tungo sa isang alyansa ng batayang mga rebolusyonaryong pwersa na kabilang ang petiburgesyang lunsod. Ang panlipunang saray na ito ay may malakas na impluwensya sa lipunang Pilipino at maaaring magpabaling ng upinyong publiko pabor sa rebolusyon. Ang batayang rebolusyonaryong mga pwersa ay dapat palawakin tungo sa isang pambansang nagkakaisang prente na kabilang ang pambansang burgesya.

Maliban sa pagbubuo ng alyansa ng lahat ng pwersang patriyotiko, dapat pakinabangan ng Partido ang mga bitak sa hanay ng mga reaksyunaryo. Dapat itong magkaroon ng mga pansamantala kahit hindi matatag na mga alyansa sa hindi kasing reaksyunaryo upang mapahina, ihiwalay at wasakin ang pinakasagadsaring reaksyunaryo bilang mga kaaway. Sa pakikipagalyansa sa mga pambansang burgesya at ilang mga reaksyunaryo, dapat panatilihin ng Partido ang independensya at inisyatiba upang maunahan ang kanilang pagkakanulo at sorpresang atake laban sa rebolusyonaryong layunin.

Ang mga pakikipag-alyansa sa pambansang burgesya at ilang seksyon ng mga reaksyunaryo ay pinakamahusay na mabubuo kapag ang Partido ay may mabisang armadong pwersa at malakas na baseng masa. Kinikilala ang mga ito ng gayong mga alyado at nagbubunga ng mga relasyong nagtutulungan at kapakipakinabang sa interes ng mamamayan at ng rebolusyonaryong layunin.

May sapat na pleksibilidad ang Partido upang ilapat ang patakaran ng nagkakaisang prente sa pakikibakang elektoral sa loob ng reaksyunaryong sistema. Umabot rin ito sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa naghaharing pangkatin ng kaaway sa pagpapalagay na posible ang pansamantalang pagtigil ng labanan at pakikipag-alyansa laban sa dayuhan at pyudal na dominasyon. Ngunit hanggang ngayon, hindi pa naitutulak ng krisis ng naghaharing sistema ang alinmang naghaharing pangkatin upang makipagkaisa sa pansamantalang pagtigil ng labanan at sa pakikipag-alyansa sa rebolusyonaryong kilusan. Hanggang ngayon, ang bawat naghaharing pangkatin mula nang magpirmahan ng The Hague Joint Declaration of 1992 ay piniling gamitin ang usapang pangkapayapaan upang biyakin ang rebolusyonaryong kilusan at pasukuin ito. Kaugnay nito, dapat patuloy na sarhan ng Partido ang anumang kalituhan o pagsuko sa pamamagitan ng palagiang pagpapaalala sa mga rebolusyonaryong pwersa at sa mamamayan na ang adhikain para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ay makakamit lamang sa pagtupad sa sigaw ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya. Tunay ngang hindi makakamit ang kasunduang pangkapayapaan nang hindi hinaharap ang mga ugat ng digmaang sibil sa pamamagitan ng batayang mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika.

Dapat patuloy na panghawakan ng Partido ang pang-organisasyong prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Ito ay demokrasyang ginagabayan ng sentralismo at sentralismong nakabatay sa demokrasya. Ang rebolusyonaryong kapasyahan at kakayahan ng kasapian ng Partido ay nakakonsentra sa mga kongreso ng Partido at inihalal na mga namumunong organo na kumikilos sa ilalim ng prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Ang Partidong may pambansang saklaw ay dapat na malalim na nakaugat sa masa. Dapat palawakin at patatagin nito ang sarili upang makamit ang mas malalaking tagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka. Sa iba't ibang antas, dapat tayong magkaroon ng plano sa rekrutment para sa pagpapalawak ng Partido at ng plano sa edukasyon sa hangaring pagpapatatag ng Partido.

Ang pagpapalawak ng Partido ay ang pagrerekrut ng mas maraming kandidatong kasapi mula sa mga organisasyong masa at sa hukbong bayan. Ang pagpapatatag ng Partido ay ang maagap na pag-aangat ng mga kandidatong kasapi tungo sa pagiging ganap na kasapi ng Partido sa pamamagitan ng pagtatapos ng batayang kurso ng Partido sa loob ng panahon ng kandidatura at lalong pakilusin sila sa mga yunit ng Partidong kanilang kinabibilangan. Ang mga dati nang

kasapi ng Partido ay hinihikayat na kumuha ng intermedya at mas mataas pang mga kurso ng Partido. Ang pagdagdag ng mga kasapi ng Partido ay dapat magresulta sa paglawak ng rebolusyonaryong kilusang masa at ng pagrekrut ng mas marami pang kandidatong kasapi kaysa rati.

Ang mga kasapi ng Partido ay dapat lumitaw o maitalaga sa iba't ibang anyo ng organisasyong masa at iba't ibang anyo ng pakikibaka. Dapat tugunan ng Partido ang mataas na pangangailangan ng hukbong bayan para sa mga kasapi ng Partido at aktibistang masa na nagmula sa mga manggagawa o kabataang nakapag-aral. Ang nakabase sa lunsod na mga aktibistang masa ay makapipiling gumampan sa mga rekisito ng kandidatura sa Partido maging sa kalunsuran o sa kanayunan. Dapat dumarami ang bilang ng mga kasapi ng Partido na nagmula o naitatalaga sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka at Pulang mandirigma.

Dapat tiyakin ng mga namumunong organo o istap ng Partido mula sa antas sentral hanggang distrito na ang organisasyon ng Partido ay umuunlad kapwa sa kalunsuran at kanayunan at tuluy-tuloy ang daloy ng nakababatang mga kadre at kasapi ng Partido mula sa kalunsuran tungo sa kanayunan upang mailipat ang ilang natatanging kasanayang pulitikal, propesyunal at teknikal. Kapag ang Partido sa kanayunan ay nahihiwalay sa kalunsuran sa mahabang panahon, nagiging nakararami sa antas rehiyon ang mga nakatatandang kadre ng Partido na mahigit nang 60 taon.



Dapat baguhin ang haba at estilo ng paggawa o pulong pag-aaral ng mga namumunong organo ng Partido. Dapat napaghahandaan nang mabuti ang mga pulong. Bago pa man ay ihinahanda na ang mga borador at tinitipon rin ang mga panukala. Dapat tiyakin ng presidyum na ang lahat ng mahahalagang usapin ay tinatalakay at pinagpapasyahan sa pinagkaisahang haba ng panahon. Hindi mabuting pamumuno ang pagpapahintulot na humaba ng mga linggo at buwan ang mga pulong at pagkaitan ang mga dumadalong kadre ng napakahalagang panahon para sa pagtrabaho sa kaukulan nilang mga lugar. Masama rin ito sa seguridad dahil ang bulto ng pagkain at iba pang suplay at ang dami ng tauhan sa seguridad ay madaling mahalata ng kaaway.

Ang mga namumunong komite ng Partido mula sa Komite Sentral hanggang sa mga komiteng prubinsyal ay dapat magkaroon ng sangkatlong komposisyon ng nakatatanda, panggitnang-edad, at nakababatang kadre. Mapananatili ang balanse sa pamamagitan ng patuloy na pag-aangat ng mga kadre upang palawakin ang bilang ng mga kagawad ng komite at paramihin ang bilang ng mga namumunong komite kaakibat ng paglawak ng Partido at gawain ng Partido. Ang nakatatandang mga kadre ay maaaring piliing magretiro at, kung ipahihintulot ng kalusugan, ay italaga bilang mga tagapayo sa mga komite na dati nilang kinabilangan. Dapat bigyang-pugay ng Partido ang mga kasamang nagreretiro at ibigay sa kanila ang sapat na seguridad at pangangalagang pangkalusugan.

Mayroong malaking bilang ng mga Pilipino sa ibayong-dagat. Karamihan sa kanila ay mga migranteng manggagawa na dumaan sa segundaryo o tersyaryong edukasyon. Mga propesyunal rin silang nagtatrabaho para sa mga internasyunal na institusyon at empresa. Mga imigrante rin sila at permanenteng residente o mga mamamayan pa nga sa ibayong dagat, laluna sa North America, na nananatiling tapat sa kanilang inangbayan, at nais sumuporta sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Dapat silang mahatak sa mga patriyotiko at progresibong pangmasang organisasyong Pilipino. At dapat mag-organisa ang Partido sa loob ng mga organisasyong masa na ito. Kasabay nito, ang mga Pilipino sa ibayong dagat ay maaaring sumapi sa mga institusyon at organisasyong di-Pilipino sa bayang kinalalagyan.

Dapat magpaunlad ang Partido ng mga relasyon ng proletaryong internasyunalismo sa mga partido Komunista at mga organisasyong manggagawa sa ibayong dagat. Ang NDFP ay dapat magpanday ng mga relasyon ng anti-imperyalistang solidaridad sa mga kilusan sa pambansang pagpapalaya at sa mga gubyernong anti-imperyalista. Ang mga progresibong organisasyong masa na nakabase sa loob at labas ng Pilipinas ay dapat magpaunlad ng mga relasyong solidaridad sa lahat ng anti-imperyalista at demokratikong pwersa sa ibayong dagat.

Dapat hikayatin at buklurin ng Partido, NDFP at mga progresibong organisasyong masa ang mamamayang Pilipino sa bayan at sa ibayong dagat na tumindig kasama ang mamamayan ng daigdig sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo at reaksyon. Ang rebolusyong Pilipino ay para sa pakinabang ng mamamayang Pilipino ngunit nag-aambag din ito sa pagsusulong ng pakikibaka ng sangkatauhan para sa mas malawak na kalayaan, demokrasya, kaunlaran, katarungang panlipunan, pag-aangat ng kultura at internasyunal na solidaridad at kapayapaan. Kasabay nito, ang mamamayang Pilipino ay laging nagpapasalamat sa tuwiran at di-tuwirang suportang natatanggap mula sa rebolusyonaryong pakikibaka ng ibang mga mamamayan.